Tomo XXXVI Blg. 2

Nobyembre 2011 - Enero 2012

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila



Ano ang nakikita sa mga larawan?

Kaunlaran

Pag-ahon sa Kahirapan

Kinabukasan

inihahandog ng Matanglawin

HULAGWAY 2012

TIMPALAK TULA AT SANAYSAY

TEMA: Sana'y Mag-aaral: Wala nang Natututunan, Wala rin bang Patutunguhan?

Mekaniks:

Bumisita sa Tanghal-Litrato (Photo Exhibit) sa bulwagan (lobby) ng MVP(Pebrero 8-15).

1. Bukas ang timpalak na ito sa lahat ng mga mag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila na hindi kasalukuyang kasapi ng Matanglawin.

2. Kinakailangang nasa wikang Filipino ang mga tula at sanaysay na ipapasa at akma sa tema ng mga litratong makikita sa tanghal-litrato (photo exhibit).

3. Dapat na orihinal ang mga ipapasang pyesa, hindi pa nailalathala sa ano mang publikasyon o naisasali sa mga timpalak.

4. Sa pagpasa ng pyesa sa timpalak na ito, binibigyang-karapatan ng kalahok ang Matanglawin na ilathala ito sa magasin at website.

5. Magbubukas ang timpalak sa ika-8 ng Pebrero. Sa ika-17 ng Pebrero ang huling araw ng pagpapasa ng pyesa. Maglagay ng dalawang makinilyadong kopya ng pyesa sa isang short brown envelope. Ilagay sa hiwalay na papel ang buong pangalan, ID number, kurso at contact number(s), at ipasa sa MVP 202, Silid Publikasyon, silid ng Matanglawin. Maaari ring magsumite sa matanglawin.hulagway2012@yahoo.com.ph.

6. Ang mga magwawagi ay magkakamit ng mga sumusuod na gantimpala:
   UNANG PREMYO -Php 2500
   IKALAWANG PREMYO-Php 1500

7. Sumubaybay sa Facebook page ng timpalak, "Matanglawin Hulagway 2012: Timpalak Tula at Sanaysay" para sa karagdagang detalye ukol sa paggwad ng premyo para sa mga magwawagi, at para sa mga tanong ukol sa mekaniks.

Matanglawin
Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral
ng Pamantasang Ateneo de Manila

Robert Alfie S. Peña, BS ECE '13
Punong Patnugot

Tricia Ann N. Mallari, BS Mgt '12
Katuwang na Patnugot

Rico A. Esteban, BS CoE '12
Nangangasiwang Patnugot
Patnugot ng Web-Teknikal

Ma. Paola Rica C. Hernandez, AB COM '12
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

Michelle Therese R. Garcia AB ID '12
Chelsea Kate P. Galvez, BS MIS '14
Mga Pansamantalang Tagapamahala ng Sining

Geneva Frances C. Guyano, AB DS '13
Patnugot ng Lapatan

Miguel Paolo P. Rivera, AB-MA PoS '13
Patnugot ng Web-Sulatin

Michaella Paula M. Aldea, BS HSc '14
Tagapamahala ng Pandayan

Victorino Mariano O. Floro IV, AB Ec-H '13
Tagapamahala ng Pananalastas

Noel D. Clemente, BS-M '14
Pansamantalang Ingat-Yaman

SULATIN AT SALIKSIKAN
Mga Katuwang na Patnugot: Iman Tagudiña, Eliza Sallao, Marvel Mesinas

Xavier Alvaran, Noel Clemente, Pristine de Leon, Abegail Esteban, Virna Guaño, Arnold Lau, Rhea Leorag, Raphael Limiac, Johnet Lopez, Brylle Madulara, Leslie Mendoza, Wel Mendoza, Kevin Nera, Reizle Platitas, Exequiel Salcedo, Krisha Santos, Tiffany Sy, Charlene Tolentino

SINING
Mga Katuwang na Patnugot: Chelsea Kate Galvez, Michelle Garcia

Marie Aquino, Matthew Dumlao, Monica Esquivel, Dyan Francisco, Jeudi Garibay, Mikhail Manginsay, Vayle Oliva, Sam Santos, Carol Yu

LAPATAN
Katuwang na Patnugot: Benjhoe Empedrado

Patricia Avila, Meg Castrillo, Lance Bitong, Rizza Detosil, Arron Sese, Eldridge Tan

WEB
Donald Bertulfo, Anna Sangkal, Jigs Sevilla

PANDAYAN
Katuwang na Tagapamahala: Vera Pinera

Natassia Austria, Arthur Buena, Nicole Combate, Rizza de Jesus, Mox Erni, Daniel Lumain, Joyfie Medina, Chin-Chin Santiago, Bianca Vinoya

PANANALASTAS
Katuwang na Tagapamahala: Jeah Dominguez

Ryan Rojo, Levy Rose IV, Marcel Villanueva

LUPON NG MGA TAGAPAYO

Chay Florentino-Hofileña
Kagawaran ng Komunikasyon

Dr. Agustin Martin Rodriguez
Kagawaran ng Pilosopiya

Gary Devilles
Kagawaran ng Filipino

Lech Velasco
Programa ng Sining

Mark Benedict Lim
Kagawaran ng Filipino

Dr. Benjamin Tolosa
Kagawaran ng Agham Politikal
Tagapamagitan

MULA SA PATNUGUTAN

Makinig

Maraming tunog sa paligid, ngunit tila walang handang makinig. Ilang henerasyon na rin ng boses ang napaos, sa pagpupumilit na umapela sa siklo ng pagkapinid ng mga tainga.

Malinaw na imahen nito ang pagtitiis ng mga mangingisda. Minsan mang itinuring na isa sa pinakamahahalagang sektor ng bansa, tila baga malamig na ang lipunan sa sektor. Unti-unti nang namamatay ang lawa at bilang resulta, pati ang kabuhayan ng mga mangingisda. Tinutugunan naman ito ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapasimula ng mga programang gaya ng relokasyon at pagbibigay-pagkakataon sa kanilang lumahok sa negosyo ng pangingisda. Ngunit mukhang nakaliligtaan ng mga tumutulong na tingnan ang pananaw ng tinutulungan. Pilit na nililinaw ng mga mangingisda na pagkilala sa kanilang sitwasyon at pangangalaga sa lawa ang dapat pagtuunan ng pansin. Kailangan maisama sila sa papaplano para sa sarili nilang kapakanan.

Sa loob ng pamantasan, pareho rin ang hinihingi: pakikinig sa kapuwa. Sa mga taong may predisposisyon sa at may pinagdaraanang nagdudulot ng depresyon, mahalagang huwag lamang isabahala ang kalagayan. May iba't ibang paraan ng pagtugon dito, kasama na ang pagkonsulta sa mga higit na nakaaaalam sa kondisyon, ngunit marahil ang pinakapayak na magagawa natin ay maging malay sa kondisyong ito at makinig sa mga taong dumaranas niyon.

Ganoon din ang hiling ng ilan ukol sa dinamismo ng Sanggunian at ng iba pang samahang pangmag-aaral. Hinihingi umano ng aktuwal at damang pagbabago ang pagbubukas ng pagkilos sa mga taong labas sa Sanggu. Hinihingi nitong kilalanin ang pagsusumikap ng iba at pagtulong sa kanila. Higit sa lahat, hinihingi nitong tumugon ang isa't isa sa panawagan ng pagkilos. Kapuwa may tungkulin ang pamunuan at ang mag-aaral na makinig at kumilos para sa ikabubuti ng komunidad ng Loyola.

Hindi kailanman sasapat na italaga na lamang ng isa ang nararapat na gawin ng isa pa, kahit pa itinuturing na wala pang ganap na kapasidad ang taong iyon. Halimbawa na lamang nito ang pagdedesisyon ng nakatatanda sa kung ano ang nakabubuti para sa 'kabataan.' Dahil sa pagkakaatang ng tungkuling alagaan sila, minsan nalilimutan ang aspekto ng pakikinig sa children in conflict with the law (CICL). Nakakaligtaan na sanga-sanga ang nagdudulot at nagiging bunga ng pakikilahok ng mga 'bata' sa krimen. Natatali na lamang sa usapin ng pagtukoy sa edad ng pananagutan ang pagtataguyod sa juvenile justice. Naisasantabi ang tunay na layon ng paghilom ng mga bata.

Para naman sa Bangsamoro at LGBT na kapuwa nagpapahayag ng kakayanan at karapatang mapakinggan, patuloy ang paghahanap ng espasyo para tunay na kilalanin. Hindi lingid kaninuman ang matagal nang pakikibaka ng Muslim Mindanao na makatayo bilang hiwalay na estado. Nakamtam na ng mga Moro ang awtonomiya ngunit para sa ilan, pagsasarili ang nararapat na ibinigay. Kung titimbangin ang humigit-kumulang sa isang milenyong pagsasantabi sa kultura't kasaysayan ng mga Moro, hindi ba masasabing may katwiran ang kanilang apila? Sa kabilang banda, patuloy ang pag-usbong ng diskurso ng at tungkol sa LGBT. Binubuksan ng mga manunulat ng gay literature ang pinto upang subukang mahikayat ang lipunan na makisali sa diskursong tungkol at para sa mga homoseksuwal.

Ipinaaalala ng dulang *Sampung mga Daliri* ang implikasyon ng paniniwala't pakikinig ng isang henerasyon sa susunod pang henerasyon. Nasa kamay umano ng kasalukuyang henerasyon ang pag-asa. Ngunit kung hindi natin pinakikinggan ang mga ingay na nabanggit, mapakikinggan pa kaya ito? Ano ba ang pinipili nating pakinggan? Ano ba ang nais nating iparinig sa susunod sa atin?

Hinuhubog nga kaya natin ang kabataang magbibigay ng pag-asa sa lipunan? M



TUNGKOL SA PABALAT

sining ni Mich Garcia

Bilang isa sa mga grupong tumutustos sa kakainin ng lipunan, maituturing na batayang sangkap ng ating pang-araw-araw na buhay ang sektor ng mangingisda. Subalit isa rin sila sa pinakanaisasantabi. Ano nga ba ang nangyari sa Fisheries Code? Bakit wala pang sektoral na representasyon sa Kongreso ang mga mangingisda? At higit sa lahat, bakit tila hindi sila makaahon sa kahirapan? Ang kanilang mga buhay ay laging nakaasa sa kawalang katiyakan, naghihintay sa isang bukang-liwayway na baka hindi na masilayan.

TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan—katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan—kabilang na ang kritisismo—ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

PAGWAWASTO

Sa artikulong "Sikil sa Salapi" na lumabas sa mp. 29-31 ng Matanglawin Tomo 36, Blg. 1, nagkaroon ng ilang pagkakamali sa paglalathala ng mga sipi mula sa mga kinapanayam na sina Stephanie Gumaru, ingat-yaman ng Sanggunian ng mga Mag-Aaral ng mga Paaralang Loyola, Julie Bagasbas-Manalang ng Office of Student Activities (OSA) at Tina Cabudsan ng Central Accounting Office (CAO).

Nagkaroon ng pagkakamali sa paggamit ng pull quote o sipi mula sa panayam ni Gng. Bagasbas-Manalang, na nagsasaad na "Tama na ang 15,000 operational fee na ibinibigay ng Office of Student Activities." Nagkamali ang patnugutan sa paglalathala nito bagaman ang mga kataga ay hindi nagtugma sa mismong tinuran ni Gng. Bagasbas-Manalang, sang-ayon na rin sa transcript ng kaniyang panayam.

Nagdulot din ng kalituhan ang parehong pagkakamali sa paggamit ng sipi mula sa panayam kay Bb. Gumaru. Dahil sa paggamit sa mga tala sa halip na sa mismong tinuran sa transcript ng panayam, maaaring nagkaroon ng di-pagtutugma sa mismong pahayag ni Bb. Gumaru at ang kaniyang pahayag ayon sa nalathala sa magasin.

Humihingi ng paunmanhin ang pamunuuan ng Matanglawin para sa mga naturang pagkakamali at kung anupamang abala na maaaring naidulot ng mga ito.

Ang Matanglawin ang opisyal na pahayagang pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat sa pagsipi ng nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha. Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa pahayagan. Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa (632) 426-6001 o sumulat sa patnugutan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (201–202), Manuel V. Pangilinan Center for Student Leadership, Mga Paaralang Loyola, Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108. Maaari ding bumisita sa www.matanglawin.org o magpadala ng email sa matanglawin.ateneo@gmail.com.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).

Matanglawin
TOMO 36, BLG. 2 | 2011 - 2012

NILALAMAN


kuha ni Matthew Dumlao

8
TAMPOK NA ISTORYA
Makabingwit man lang: Isang pagpalaot sa sektor ng pangisdaan sa bansa

14
PULSONG ATENISTA
Paghugot sa Kabila ng Lungkot: Dumarami ba ang kaso ng depresyon sa mga Paaralang Loyola?

17
PULSONG ATENISTA
Task-Force? Anong uri ng pakikisangkot ang binubuo ng sistemang Task Force?

20
TALIM NG BALINTATAW
Maparam: kuha ni Matthew Dumlao titik ni Raph Limiac

22
PITIK-PUTAK
Nang Makuha ni Isaac ang para kay Ismael: Ang kuwento ng pagkabansa ayon sa mga Moro

26
Hustisya para sa o laban sa Kabataang Filipino: Kabataan, dapat bang nasa piitan?

29
KILATISTA
Paglahad, Pagladlad, Paglipad: Ang pamumukadkad ng panitikang LGBT

33
KILATISTA
Kapanahunan, Kabataan: *Sampung mga Daliri*, kabataan, pag-asa at bayan, tunghayan

35
DUGONG BUGHAW
Sa Politika ng Pamamahayag: Ilang Tala ni Hansley Juliano

37
BAGWIS
Carol Yu at
Noel Clemente
Ka Seseng Almodovar
Brylle Madulara
Xavier Alvaran



ESKARIPIKASYON

Robert Alfie S. Peña
robertalfiepena@gmail.com

Puntong Walang Balikan

[L]aging magiging kulang ang mga paghahanda kung hindi natin iintindihin kung ano ba talaga ang kinakaharap natin."


Sariwa pa rin siguro sa alaala ng marami ang nangyari noong Ondoy. Iniwan tayo ng bagyong ito ng may lampas 700 kataong patay at P11-B pinsala. Ilang araw lang, sumunod si Pepeng na kumitil ng halos 500 katao at nag-iwan ng P19-B pinsala. At nitong huling buwan ng nakalipas na taon, hinagupit naman ng bagyong Sendong ang Hilagang Mindanao. Lampas 1,000 ang nasawi. Lampas P1-B din ang iniwan nitong pinsala. Naghanda naman umano. Ngunit laging magiging kulang ang mga paghahanda kung hindi natin iintindihin kung ano ba talaga ang kinakaharap natin. Simula pa lamang sina Ondoy, Pepeng, at Sendong ng mas mahirap na hinaharap. Dapat maintindihan ng lahat na isang nagbabagong mundo ang kinalalagyan natin. Nagbabago ang klima at marami itong kakabit na problemang kailangang lutasin at harapin. Dapat din nating suriin kung sino ba ang dapat umako sa mga pagbabagong ito. Sa isang banda, lahat tayo ay bahagi ng iisang mundo. Lahat tayo ay may responsabilidad. Sa kabilang banda, nawawala naman ang bigat ng responsabilidad na ito sa basta na lamang pagsasabi na lahat tayo ay may kasalanan. Tingnan natin ang Montreal at Kyoto Protocols bilang mga halimbawa.

Dahil sa malawakang paggamit ng chlorofluorocarbons (CFC) bilang refrigerant at aerosol spray propellants noong dekada '70, bumilis ang pagnipis ng ozone layer na siyang sumasala sa nakapamiminsalang ultraviolet wavelengths. Binuo ang Montreal Protocol upang ipagbawal ang produksiyon ng CFC at iba pang kemikal na sumisira ng ozone. Nilagdaan ito ng 196 bansa at sinimulang ipatupad noong 1 Enero 1989. Sinasabing ang Montreal Protocol ang pinakamatagumpay na kasunduang internasyonal. At kung magpapatuloy ang pagpapapatupad ng kasunduan, tinatayang mapanunumbalik ang ozone layer sa 2050. Ibang usapan naman ang Kyoto Protocol. Tulad ng Montreal, isang kasunduan din ang Kyoto Protocol na naglalayong pababain ang konsentrasyon ng greenhouse gases sa nibel na hindi ito makapagdudulot ng nakapamiminsalang pagbabago sa klima. Nilagdaan ito ng 191 bansa at ipinatupad noong 16 Pebrero 2005. Ang malungkot sa kuwento ng Kyoto ay ang kawalan nito ng suporta mula sa mga bansang pinakamalaki ang ibinubugang greenhouse gases—ang Estados Unidos, Hapon, Canada, at Rusya. Sa simula't simula pa lamang ng kasunduan ay tumanggi na ang Estados Unidos na magpatali dahil sa pagtutol nito sa pag-uuri sa Tsina bilang papaunlad na bansa, dahilan upang maging mas mababa ang target nito sa pagbabawas ng ibinubugang greenhouse gases. Nitong nakaraang taon, nagpasabi na ang mga bansang Canada, Hapon, at Rusya na hindi na nila aabutin ang mga target na itinakda ng Kyoto. At nitong nakaraang buwan, pormal nang umurong sa kasunduan ang Canada dala na rin ng malaking multa sa hindi pag-abot sa target.

Bakit nagtagumpay ang Montreal at hindi ang Kyoto? Pangunahing dahilan ang laki ng industriyang apektado at ang pagkakaroon ng alternatibo. Lahat ng industriya ng mga nabanggit na bansa ay maaapektuhan at bago pa lamang umuusbong ang mga alternatibong green technology. Ngunit masisisi ba natin si Ian Fry, na taga-Tuvalu (pulo-pulong bansang nasa Pasipiko), sa sinabi niyang "isang gawaing pananabotahe sa kanilang hinaharap" ang ginawa ng Canada? Hindi sila ang may dala ng mabigat na responsabilidad. Ukol sa pera, mahal talagang isalba ang mundo dahil malaking halaga na rin ang naipuhunan sa pagsira dito.

Bilang isa sa mga pinakamaaapektuhan ng mga pagbabagong pangklima, hahayaan na lamang ba nating mga Filipino na may nagbubuwis ng buhay sa bawat dumaraang araw na wala tayong ginagawang aksiyon? Inilista ng Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC) ang mga di-pangkaraniwang pangyayari sa kanilang ulat bilang bahagi ng pagbabagong pangklima: tagtuyot sa Rusya, heatwave o matinding pagtaas ng temperatura sa Pransiya, baha sa Pakistan, at tag-init sa mga kabundukan ng Alps. Dama na ng buong mundo ang nangyayaring pagbabago. Ang mahirap ay ang kinalalagyan natin ngayon—isang sandaling ating kinahantungan at walang balikan. Ano pa man ang mangyari, kailangang harapin ng mundo ang mga unos na darating. Kahit wala nang balikan, may magagawa pa tayo.

OPINYON



Lampas na Ligas

Ma. Paola Rica C. Hernandez
pao.clark.hernandez@gmail.com

Katatayuan sa Buhol

Tagumpay ba sa isang larangan o pagkatao mo mismo ang magbibigay-saysay sa ngalan mo?

Ang hirap gumalaw.

Ang daming intindihin ng isang estudyante. Naghahanda siya para sa mga pagsusulit: maikli at mahaba, pasulat at pasalita. Hinahanap niya ang kaniyang lugar sa masinsing sapot ng pakikisalamuha sa iba: sa kaibigan, kasintahan, pamilya, pati na sa mga katoto, kaklase't kagrupong minsa'y di nakakasundo. Nakikinig siya sa hindi mapatid-patid na hinaing ng lipunang kinabibilangan niya. Sa harap ng buhol-buhol na ganapin, natatanga ang estudyante. "Paano ko haharapin ang lahat ng ito?"

Marami ang pumipili na pagtuunan ng pansin ang isa o dalawa sa mga ganaping nabanggit. Lohikal na desisyon iyon dahil kung may tuon nga naman ang tao sa isang aspekto ng kaniyang buhay, malamang higit na mapagbubuti niya iyon kaysa sa taong kalat ang mga priyoridad. Kaya mayroong pipili na panghahawakan ang kaniyang pagkaestudyante sa paniniwalang iyon ang pangunahing tungkulin niya sa ngayon, gaya nang may pipili na mas pahalagahan ang mga relasyong kinabibilangan niya. Para marahil sa taong ito, parte lamang ang pagiging estudyante, matatapos din kaya mas bibigyang-halaga ang pagiging anak o kapatid. Kung nakikita naman niya na kaya niyang pagsabayin, susubukin niyang hatiin at balansehin ang pagsusumikap sa dalawang tungkulin.

Matindi ang kapit ng dalawang nauna sa indibidwal, ngunit tila malamig ang tao kapag ang ikatlong gampanin na ang pinag-uusapan. Higit yatang mahirap na maging mamamayan kaysa maging indibidwal. Walang bisang kasing tibay ng dugo o ng diploma ang pagkakaugat sa isang bayan, lalo pa't may aasahang kapuwa upang punan ang sariling pagkukulang. 'Bystander effect' sabi nga sa sikolohiya. Isa pa, hindi madaling kilalanin ng indibidwal na kagaya niya ang itinuring niyang labas sa kaniyang mundo—ang kinilala niya bilang 'iba.'

Noong nakaraang semestre tumambad sa akin ang usaping ito. Huling pasalitang pagsusulit namin sa Pilosopiya (PH 104) at narinig ko sa mga nauna nang nagsulit ang tanong na tumakbo sa ganitong linya: Kinikilala ang bigat na kasama ng makukuha mong diploma mula sa Ateneo, ano ang gagawin mo? Lalo pa akong kinabahan.

Ang bigat ng tanong, hinihingi na akuin ko nang buong-buo ang responsabilidad ko bilang indibidwal na pinalad na magkaroon ng piling pribilehiyo. Ikalawa, tiyak ang pagtatanong. Ibig sabihin, hinihingi sa akin na gamitin ang mga natutuhan ko bilang mag-aaral, dalhin iyon bilang propesyonal at maglaan ng tiyak na pagkilos para sa lipunan. Hindi naman ito naitanong sa akin sa pagsusulit. Gayumpaman, hindi ko napigilang magtanong sa guro ko. Tinanong ko kung papaano malalaman kung ang napili ko ang tamang pagkilos para sa bayan. Aniya, hindi ko naman kailangan na masagot noon din. Malalaman ko raw ang sagot doon sa darating na panahon.

Tama nga naman. Isang patuloy na paghahanap ang magiging lugar ng sarili sa trabaho, pamilya at bansa. Laging may pagpiling gagawin. Gayunman, hindi hinihingi sa pagpili na ganapan ang ikatlong tungkulin na isantabi ang iba pang tungkulin, talikuran ang sarili't pagtagumpayan ang pagpapabuti sa mundo. Gaya ng tanong, hinihingi lang nito na kilalanin ang tungkulin, bigyang-halaga ang 'iba' at subuking makatulong.

Kaya't kahit maaga pa para sa ilan, mahalagang simulan nang tanungin sa sarili: Anong gagawin ko sa diploma ko? Anong gagawin ko sa pangalang dala-dala ko? Tagumpay ba sa isang larangan o ang pagkatao ko mismo ang magbibigay-saysay sa ngalan ko? Saan ko ilalagak ang sarili ko sa buhol ng pamumuhay?

Kung tutuusin masarap isipin ang idudulot na kaligayahan ng pagtatapos nang may mataas na karangalan o pagtanggap sa ulirang anak award, ngunit mukhang higit na buo ang kaligayahang matatanggap sa pagsusumikap na pangatawanan ang tatlong tungkulin. Gayundin, tila higit na mahirap na takpan ang mga mata natin at humiling na mawala na ang lahat ng mali sa mundo, kaysa sa magsumikap na isaayos ito. Tila mas mahirap bumangon araw-araw kung sa likod ng isipan mo, alam mo nang wala pa ring nababago.

OPINYON



Hiringgilya ng Kamalayan

Michaella Paula Aldea
micha_aldea@yahoo.com

Hindi Lang si Gloria

Handa rin ba ang gobyernong magpapunta ng manggagamot mula sa ibang bansa para masolusyonan ang karamdaman ni Juan dela Cruz? [N]apapansin kaya nilang hindi lang si Gloria ang nangangailangan ng doktor?

Sigurado akong hindi lingid sa ating kaalaman ang kontrobersiyang kinasasangkutan ngayon ng dating pangulo at kasalukuyang Congresswoman Gloria Macapagal-Arroyo ukol sa lagay ng kaniyang kalusugan. Marami na rin siguro ang sawang-sawa na sa mga napababalitang eskandalo at bangayan. Heto na naman kasi tayo, tagasubaybay sa walang-hanggang pagbabatuhan ng mga paratang ng mga kampong wala sa bokabularyo ang magpatalo. Mariing iginiit ng kampo ni Gng. Arroyo na sa ibang bansa matatagpuan ang solusyon sa kaniyang kritikal na kondisyon. Wala raw dito sa Filipinas ang mga doktor at pasilidad para sa ganoong klase ng operasyon. Isa pa, karapatan daw niya ang pumili ng espesyalistang gagamot sa kaniyang karamdaman. Ngunit matatag din ang paninindigan ng ating gobyerno, sa pamumuno nina Justice Secretary Leila de Lima at PNoy.

Dahil dito, nag-isip ng kompromiso ang gobyerno. Maaari naman daw magpagamot si Gloria dito sa bansa. Sa katunayan, nainsulto pa ang Philippine Medical Association sa pahayag ng kampo ni Gloria na walang doktor dito na makagagamot sa kaniyang kalagayan dahil humigit-kumulang 100 espesyalista ang may kakayahang magsagawa ng naturang operasyon. At nang nagpumilit, nagbigay ng isang mungkahi ang Malacañang—maaari daw na papuntahin dito ang sinumang manggagamot mula sa alinmang panig ng mundo, at ang gagastusin ay mula sa kaban ng bayan.

Habang pinagmumuni-munihan ang mungkahing ito, napagtanto kong napakasuwerte naman pala ni dating pangulong Gloria. Biruin mo nga naman, naialok pa sa kaniya ang mga pribilehiyong ito sa kabila ng napakaraming kontrobersiya. Sosyal! Hindi naman kasi lahat ng pinararatangang nagkasala ay nabibigyan ng ganitong pagkakataon. Huwag ninyong masamain, hindi ko nais tanggalin sa kaniya ang mga pribilehiyong ito sapagkat kinikilala ko ang kaniyang mga karapatan. Kung tutuusin, wala naman talagang masama sa mga mungkahing ito. Lohikal ang suhestiyon ng gobyerno kung ang pagpigil lamang sa pag-alis ni Gloria ang pakay nila. Ngunit kasabay ng pagkamangha sa pribilehiyo ay ang pagtatanong ko sa sarili: Ilan kaya sa ating mga kababayan ang gaya ni Gloria na nakararanas ng mga pribilehiyong ito? Tulad ni Gloria, nakapamimili rin ba ang mga ordinaryong mamamayan ng mga espesyalistang gagamot sa kanila? Handa rin ba ang gobyernong magpapunta ng manggagamot mula sa ibang bansa para masolusyunan ang karamdaman ni Juan dela Cruz? Napapansin kaya nilang hindi lang si Gloria ang nangangailangan ng doktor?

Batid ko, at marahil batid ninyo rin, na ang mas kapani-paniwalang sagot sa aking mga tanong, ay hindi. Sa totoo lang, nakapanlulumong marami sa ating mga kababayan ang hindi nagagamot sa kabila ng ating pagmamalaking marami tayong magagaling na manggagamot dito sa bansa. Hanggang ngayon, napakaraming nagsisiksikan at naghihintay ng agarang paggamot sa mga pampublikong ospital at mga health centers, na madalas ay hindi rin nakatutugon dahil sa kakulangan ng kagamitan at mga taong kakalinga. Kung tutuusin, masuwerte na ang mga nakapupunta sa mga pasilidad na ito sapagkat may mga lugar dito sa ating bayan na hindi talaga naaabutan ng serbisyong mediko. Bukod pa rito, ang hirap intindihin na may solusyon pala tayo para sa mga tulad ng kalagayan ni Gloria ngunit wala tayong gaanong nagagawa para sa ibang mas simpleng sakit na kumikitil ng buhay ng napakaraming Filipino—na kung susuriin ay kaya namang tugunan. Magandang malaman na may kakayahan tayong gumamot at tumugon. Ngunit mawawalan ito ng saysay kung hindi naman maisasakatuparan. Wala itong kuwenta kung hindi naman lahat ay nakikinabang.

Bilang mga Atenista, kinakaharap din natin ang ganitong suliranin. Malaki ang aking paniniwala na may kakayahan ang bawat isa sa atin na tumulong at maglingkod sa ating bayan. Ngunit hanggang saan nga ba ang saklaw ng ating pag-aalok? Sino nga ba ang itinuturing nating "kapuwa" sa mga katagang tao-para-sa-kapuwa? Kaya nga ba talaga nating magbigay serbisyo sa mga ordinaryong mamamayan gaya ni Juan dela Cruz? Marahil, sa mismong paggawa natin makukuha ang totoong sagot.

TUPANG INA!


2009
10.1
AT NAKIKITA NATIN NGAYON ANG BAHA SA KATIPUNAN AVENUE DULOT NG ONDOY...
Maki buko


OH MY GOD LOOK AT THE CARS!
WE SHOULD LIKE DO SOMETHING!


2011
10.1
AT NAKIKITA NATIN NGAYON ANG AERIAL VIEW NG CDO...LUBOG SA BAHANG DULOT NG SENDONG...
Maki Buko


HAH? WHERE? WHAT'S CDO?
SIGURO SOME RANDOM PROVINCE...



SABADO ng umaga. Kahit alam niyang panahon ng habagat, naglatag pa rin ng lambat nang maaga si Tatay Nicanor* upang may maipang-umagahan ang kaniyang pamilya at kanilang mga bisita.

Unang beses nilang kumupkop ng mga Atenistang nagbababad sa kanilang komunidad sa Brgy. Punta, Unisan, Quezon. May mga buhay silang alimango na maaaring lutuin, ngunit nakalaan na ang ilan sa kanila para sa tanghalian. Pinanood ng mga bisita si Tatay Nicanor habang inaayos nito ang bangka. Sinunod niyang inayos ang lambat at tinanggal sa pagkakaipit ang ilang piraso ng isdang sumuot sa mga butas ng lambat. Ang nasabi na lamang ni Nanay Carmen* ay, "Ganiyan talaga kapag habagat, walang huli."

MAKABINGWIT MAN LANG

Mga problema at hinaing ng sektor ng pangisdaan

nina Robert Alfie S. Peña, Johnet Grace Lopez, at Xavier Roel Alvaran
sining ni Mich Garcia at Monica Esquivel
kuha ni Matthew Dumlao at Robert Alfie Peña
lapat ni Benjhoe Empedrado


Saksi marahil ang maputi ngunit di-pinong buhangin ng Unisan sa naglalakihang alon na dumamba sa pangisdaan. Maraming basag na kabibe at koral, palatandaang dumaan ang dagat ng Unisan, ang Baybayin ng Tayabas, sa panahon ng malawakang ilegal na pangingisda.

PAPALAOT


Ayon sa 2008 Philippine Fisheries Profile ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), ika-9 ang Filipinas sa buong mundo sa laki ng produksiyon ng pangisdaan noong 2007. Ang 4.71 milyong tonelada metrikang huli ng bansa ay bumubuo sa 3.02% ng kabuuang produksiyon ng mundo at nag-aambag ng P215.8 bilyon o 2.3% sa gross domestic product (GDP) ng bansa. Makikita rin sa Philippine Fisheries Profile ang pagkakahati ng kabuuang kita ng sektor sa tatlong subsektor: P81.7 bilyon sa aquaculture o iyong mga nangangalaga ng mga lamang-dagat sa iba't ibang katubigan, P70.9 bilyon sa munisipal o iyong mga humuhuli gamit ang mga bangkang hindi hihigit sa tatlong tonelada ang bigat, at P63.1 bilyon sa komersiyal o iyong mga humuhuli gamit ang malalaking barko na higit sa tatlong tonelada ang bigat (tingnan ang mga grapika). Kung kakalkulahin ang per capita na kita ng mga tagapamahala ng komersiyal at aquaculture at ng mga munisipal na mangingisda, makikita ang di-pantay na distribusyon ng kita sa sektor ng pangisdaan. Bunga ang di-pagkakapantay-pantay na ito ng malaking bilang ng mga munisipal na mangingisda.

Sa kabila ng malaking produksiyon at kontribusyon sa ekonomiya ng bansa, nananatiling pinakamahirap sa mahihirap ang mga mangingisda. Sumunod lamang sa kanila ang mga magsasaka. Ayon ito sa estadistika ng National Statistical Coordination Board (NSCB) noong 2006 ukol sa kahirapan sa mga batayang sektor. Ayon pa sa ulat, naglaro sa 40-50 bahagdan ang poverty incidence ng sektor ng pangisdaan mula 2000 hanggang 2006. Ibig sabihin ay mahirap ang apat hanggang lima sa bawat sampung mangingisda. Halos doble ito ng poverty incidence para sa buong bansa noong 2006 na inilagay sa 26.9 bahagdan. Bukod sa mga nabanggit, marami pang problemang kinakaharap ang pangisdaan, lalo na iyong maliliit na mangingisda, na hindi maipakikita ng mga estadistika.

Kakaibang bigat naman ang dala ng mga numero sa kongkretong karanasan ng mga mangingisda. Ayon kay Salvador France, pangalawang tagapangulo ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA), gumigising ang mga mangingisda ng alas-kuwatro ng umaga upang pumalaot at makapanghuli ng isda. Tumatagal sila sa laot ng anim hanggang walong oras. Pagsapit ng



PRODUKSYON NG SEKTOR NG PANGISDAAN



Kabuuan: P215.814 bilyon

Pinagkunan: 2008 Philippine Fisheries Profile ng BFAR

tanghali, pagkabalik ng bangka sa pampang ay ibebenta naman ng mga mangingisda ang kanilang huli sa mga namamakyaw. Walang gamit ang mga mangingisda upang iimbak ang kanilang huli kaya kinakailangang makabenta agad sila. Dagdag pa ni France, pahirap nang pahirap ang sitwasyon ng mga mangingisda nitong nakaraang tatlong dekada. Nakahuhuli umano ng 30-40 kilo ang mga mangingisda noong 1980s; lima hanggang sampung kilo noong 1990s; at 3-5 kilo nitong nakaraang dekada, minsan pa umano ay wala pa. Lugi pa sila sa mataas na presyo ng gasolina.

Maski ang mga mangingisda sa tubig-tabang ng Laguna de Bay ay sang-ayon na papahirap ang kalagayan ng pangisdaan. Kuwento ni Ka Seseng Almodovar, pangulo ng Pinagkaisang Mamamayan ng Laguna (PINAGPALA), isang organisasyon ng mga batayang sektor, "1980-1982, diyan talagang maunlad ang panghuhuli ng mga mangingisda. Nawili nga ako dahil sa panahong 'yon, ako'y nagtatrabaho sa kate, sa opisina, ang minimum ko lang P37.88 samantalang kalahating araw lamang, kumikita ako ng P120 sa pangingisda. Kaya nga ipinagpalit ko 'yong trabaho sa kate, nag-full time ako sa pangingisda noong panahong iyon, 1982."

Biro naman ni Ka Jaime Evangelista sa kanilang lugar sa Cardona, Rizal, "Pumunta ka lang sa tabi [ng lawa], [isalok] mo lang 'yong palda ng iyong asawa, makakakuha ka na ng pang-ulam." Si Ka Jaime naman ay pangulo ng UGMARIZ, isang organisasyon ng mga mangingisda sa lalawigan ng Rizal. Ngunit lipas na ang tinutukoy niyang panahahon. "Ngayon," ayon na rin kay Ka Seseng, "talagang wala nang mahuli."

MAY BUTAS ANG BANGKA

Makikita sa pinakahuling "Fisheries Situationer," na inilabas ng Bureau of Agricultural Statistics para sa mga buwan ng Hulyo-Setyembre 2011, na bumaba ng 5.66 bahagdan ang kabuuang produksiyon ng pangisdaan sa ikatlong quarter ng 2011 kumpara sa produksiyon noong 2010. Pinakamalaki ang pagbaba sa komersiyal na subsektor na pumalo ng 17.59 porsiyento. Pumangalawa ang mga munisipal na mangingisda sa 2.82 porsiyento at ikatlo ang aquaculture sa 0.52 porsiyento. Ayon pa sa kawanihan, kaunti lamang sa mga rehiyon ng bansa ang nakapagtala ng positibong paglaki ng produksiyon.

Para kay Dennis Calvan, executive director ng NGOs for Fisheries Reform (NFR), "May mga programa ang pamahalaan pero nakaugat sa maling pagtingin sa sektor." Mga miyembrong organisasyon ng NFR ang nagpapatupad ng community-based coastal resources management (CBCRM). Pagtataguyod at pagsasaliksik ng mga polisiya naman ang gawain ng NFR. Para kay Calvan, unang kailangang makita ang kalagayan ng mga yamang-dagat. Saksi siya sa pagkasira ng mga yamang ito ng bansa. Ayon sa kaniya, "Maraming pag-aaral, sa coral reefs, 5 percent na lang ang nasa excellect condition. Sea grassbeds natin, wala na rin."

Ayon pa kay Calvan, dahil na rin sa kagustuhan ng pamahalaang kumita kaya unti-unting nasira ang mga yamang-dagat. Noong 1980s, tumaas ang presyo ng hipon at isda sa pandaigdigang pamilihan at gustong makuha ng pamahalaan ang merkado nito. Ang naging estratehiya ay pagpapalakas ng produksiyon ng aquaculture. Tinawag itong "Blue Revolution." Nagamit ang kinitang dolyar mula rito sa pagbabayad ng utang ng bansa ngunit nasakripisyo naman ang lokal na pangisdaan. Kasabay ng pag-unlad ng aquaculture ang unti-unting pagkawala ng mga pangitlugan ng mga isda sa mga bakawan na ginawang fish pond. Ayon kay Calvan, mula sa 450,000 ektarya ng bakawan noong 1914, nabawasan ito ng 200,000 ektaryang ginawa nang fish pond.

Gustuhin man umano ng pamahalaan o ng mga mangingisda na paunlarin ang sektor at palakasin ang produksiyon ay hindi magawa dahil "hindi nauunawaan ng ibang opisyal natin sa pamahalaan na magkaugnay ang estado ng coastal resources at kita ng mga mangingisda. Resource-dependent ang Filipinas, na kapag degraded [ang yamang-dagat], mas mababa ang huli ng mga mangingisda. Kapag mababa ang huli ng mangingisda, natural na mababa ang kita ng mangingisda," ani Calvan.

Pinatotohanan naman ni Ka Felimon ng Kapatiran ng Malalayang Maliliit na Mangingisda sa Pilipinas (KAMPI)-Rizal Chapter ang sinabi ni Calvan, "Pangunahing isyu diyan 'yong pagkaunti talaga ng mga nahuhuling isda." Nasasakop ng organisasyon ni Ka Felimon ang mga bayan sa tabi ng Laguna de Bay mula Morong hanggang Jalajala, sa Rizal. Napipilitan umano ang ilan sa mga kapuwa mangingisda na pumasok sa iba pang trabaho tulad ng sa konstruksiyon, madadagdagan lamang ang kita mula sa pangingisda. Sambit pa ni Ka Seseng, "ultimong mga ilegalista, wala na ring mahuling isda."

Pangunahin sa mga inirereklamo ng mga mangingisda sa Laguna de Bay ang kalidad ng tubig. Unang itinuro ni Ka Seseng ang polusyon ng lawa na sanhi ng pagbaba ng huli at kita ng mga mangingisda nitong nakaraang dekada. Maski mismo ang Laguna Lake Development Authority (LLDA) ay aminadong malaki at patong-patong ang mga problemang kinakaharap ng lawa.

Nangunguna ang polusyon sa mga problemang tinalakay ng ahensiya sa inilabas nitong Laguna de Bay Master Plan 2020. Ayon dito, tagasalo ang lawa ng dumi ng mga lugar na pumapalibot dito: ang Metro Manila, at ang mga lalawigan ng Rizal at Laguna. Pitumpu't pitong bahagdan ng dumi ay mula sa mga kabahayan; kapuwa nasa 11 bahagdan naman ang ambag na dumi ng industriya at agrikultura. Ayon pa sa LLDA, nadaragdagan pa ang presyur sa lawa ng patuloy na paglaki ng populasyon at mga industriyang nakapalibot dito.

MALALIM NA ULIULI

Matatandaang Mayo ng nakaraang taon nang nagkaroon ng malawakang fish kill sa lawa ng Taal sa Batangas. Sa bayan lamang ng Talisay, na isa mga pinakaapektadong bayan, ay umabot sa P33 milyon ang naglaho sa pagkamatay ng mga bangus. Nang sumunod na buwan, nagkamatayan din ang mga bangus sa Pangasinan. Tinatayang P40 milyon ang naging pinsala sa pangisdaan ng lalawigan. Naungkat din sa malawakang pagkamatay ng mga isda ang di-sostenibleng paraan ng pagpapalaki sa mga ito. Sinasabing ang mababang nibel ng oxygen sa tubig dahil sa pagsisiksikan ng mga isda ang dahilan ng

BAKIT MAS SILA ANG PINAPABORAN NG ATING AHENSIYA NG GOBYERNO KAYSA SA AMIN NA LEHITIMONG NANINIRAHAN AT NABUBUHAY DITO? DITO KAMI IPINANGANAK.

Ka Jaime Evangelista, UGMARIZ



pagkamatay ng mga isda. Bunga ng hindi tamang pagpapakain sa mga alaga, unti-unting tumaas ang polusyon ng tubig at bumaba ang nibel ng oxygen na nagsanhi ng fish kill.

Aquaculture ang tawag sa artipisyal na paraan ng pagpapalaki ng mga isda at iba pang lamang-dagat. Hindi natural ang paraan ng pagpapalaki o pangangalaga sapagkat inilalagay sa mga fish pen at mga aquarium ang mga inaalagaang lamang-dagat. Sa kaso ng Batangas at Pangasinan, nangyari ang fish kill sa mga inaalagaang isda sa mga fish pen. Para naman sa mga mangingisda sa Laguna de Bay, hindi rin malayong magkaroon ng malawakang pagkamatay ng mga isda sa lawa dahil lampas na sa carrying capacity ang mga itinayong fish pen dito.

Malaking problema ang ibinibigay ng aquaculture sa mga maliliit na mga mga mangingisda, ayon na rin kay Ka Jaime. "Malaking sagabal sa amin 'yong [mga fish pen] dahil lumiliit yoong pinagkukunan ng aming kita o kabuhayan. Unang-una, kinakain ng malalaking fish pen 'yong mga motorway ng bangka. Pangalawa, kung saan marami kaming nahuhuli, 'yong malalim, ay doon sila mismo naglalagay ng mga fish pen," ani Ka Jaime. Paliwanag niya, sa malalalim na bahagi ng lawa lumalaki ang mga isda. Ngunit dahil nga sa mga naglalakihang fish pen ay hindi sila makapangisda sa malalim. Kaya para sa kaniya, "Sagabal sa pag-unlad ng mga mangingisda yoong mga nag-a-aquaculture saka 'yong mga naglalakihang fish pen. Hindi nakatutulong sa amin upang iangat ang kabuhayan ng bawat mangingisda."

Kuwento naman ni Ka Felimon, pinagbabawalang lumapit ang mga mangingisda sa mga fish pen. At kapag lumapit ang isang mangingisda ay tatakutin. Dagdag pa niya, "Hindi naman siya pinatay pero parang gayon na rin kasi hinarass 'yong isa kong kasamang mangingisda hanggang nagkasakit, namatay. At ang ginawa pa nila ay sinasamsam 'yong mga lambat kasi bawal nga raw. Sabi nila, bawal. Kaya sinasamsam nila 'yong mga lambat at pinatutubos nang naaayon sa kanilang kagustuhan."

Ibinunton ni Ka Jaime ang sisi sa pagdami ng mga fish pen sa Laguna de Bay sa mismong LLDA na nilikha ng R.A. 4850 na ipinasa noong 1966. Kaunti lamang umano ang mga fish pen sa lawa bago itatag ang LLDA. Karamihan pa ay sa maliliit na mangingisda. Ngunit nang maitatag na ang LLDA, "unti-unting nabago ang pamumuhay ng mga maralitang sektor na mangingisda," ani Ka Jaime. Nakuha umano ng mga milyonaryong kapitalista, na ang ilan ay hindi pa Filipino, ang espasyo na dapat sana ay pinangingisdaan nila. Mga kilala at matataas na tao umano ang binigyan ng LLDA ng permit upang makapag-operate ng mga fish cage at fish pen. Naitanong tuloy ni Ka Jaime, "Bakit mas sila ang pinapaboran ng ating ahensiya ng gobyerno kaysa sa amin na lehitimong naninirahan at nabubuhay dito? Dito kami ipinanganak."

Sinisisi rin ni France ang itinuturing nilang "monopolyo" ng mga kapitalista at politiko sa pangisdaan. Ayon sa kaniya, 70% ng produksiyon ng pangisdaan ay mula sa mga negosyo, tulad ng fish ponds, na pinatatakbo ng mga kapitalista. Ngunit ang mas dapat pa umanong ikatakot ay ang pagsasapribado na programa ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng sektor ng pangisdaan. Ayon kay France, "Iyong monopolyong kapitalista sa pangisdaan, mabuti sana kung kasama ang mga maliliit na mangingisda doon sa sinasabi nilang kaunlaran. Hindi kami nakapagpatapos ng aming mga anak kahit man lang sa high school, paano pa sa kolehiyo? Kaya papaano kami makakapasok doon sa sinasabi nilang kaunlaran? Sa trabaho na sinasabi nila?"

ANG TUBIG AY BUHAY

Panandaliang nagdiwang ang koalisyon ng mga organisasyong kinabibilangan nina Ka Jaime noong State of the Nation Address ni Pangulong Benigno S. Aquino III. "Napakasaya namin noong panahong iyon dahil nabanggit ni PNoy na pinatigil niya 'yong dredging at 'yong ferry boat station na alam namang makasisira sa amin. Unang-una, mawawalan kami ng kabuhayan, mawawalan kami ng mapagkukunan ng pagkain namin. 'Yong [aming] paninirahan ay mawawala rin kung matutuloy 'yon," ayon pa kay Ka Jaime.

Isa ang ferry system sa mga proyekto ni dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo na nailatag sa kaniyang Executive Order 815. Ngunit upang maitupad ang proyekto ay kinakailangang hukayin ang lawa para sa mga



AKO SA BAHAGI KO NGA SA PERSONAL, MAGULANG KO MGA MANGINGISDA, HANGGANG NGAYON, AKO'Y MANGINGISDA. ANG BINUHAY KO DOON SA AKING ANIM NA ANAK, AY TALAGANG DOON SA PANGINGISDA. KAYA HINDI KO MAIWANAN TONG PANGINGISDA DAHIL PAANO PA KUNG SA BAHAGI NG MGA LIDER NA TALAGANG NAGSUSUMIKAP NA ITAGUYOD 'YONG PANGISDAAN, AY SINO PA 'YONG MAGPAPAHALAGA?

Ka Felimon, KAMPI-Rizal

rutang tatahakin ng mga ferry. Mula kasi sa dating lampas sampung metrong lalim ng lawa ay nasa dalawa't kalahating metro na lamang ito ngayon. Ipinatigil naman ni Pangulong Aquino ang proyekto dahil sa maanomalyang kontrata at korupsiyon. Pagkawala ng kanilang kabuhayan ang ikinatakot ng mga mangingisda sa proyekto dahil kung huhukayin ang lawa upang palalimin ito, hahalo ang polusyong nasa ilalim ng lawa sa mismong tubig na siya namang ikamamatay ng mga isda.

Ang ikinalulungkot ng mga mangingisda ng Laguna de Bay ay panay programa ang gobyerno sa lawa na hindi naman nakatutulong sa kanila. "Kaya napakahirap ng buhay ng mangingisda lalo na nga sa marami nang proyekto na talagang inilalagay dito sa ating lawa ng Laguna. Hindi naman makakatulong [nang] direkta doon sa mga mangingisda," 'ika ni Ka Felimon.

Isa pa sa mga proyekto ng pamahalaan na pilit tinututulan ng koalisyon ng mga mangingisda ng Laguna de Bay ay ang ang pagtatayo ng dike sa palibot ng lawa. Tinatawag ang proyekto na "ring road dike." Ayon sa Laguna Lake Master Plan 2020 ng LLDA, popondohan ito ng P28 bilyon ng pamahalaan. Palilibutan ng dike ang buong lawa maliban na lamang sa mga patusok na bahaging kinabibilangan ng mga bayan ng Binangonan, Cardona, at Jalajala, sa Rizal. Pangunahing layunin ng dike ang pagkontrol sa pagbaha at paghahanda para sa mga posibleng banta ng panahon (disaster risk reduction and management). Matatandaang napokus ang atensiyon ng publiko sa Lupang Arenda, sa Taytay, Rizal na tirahan ng mga informal settlers, noong hinagupit ni Ondoy ang Kalakhang Maynila at mga karatig lalawigan. Itinuring na pangunahing dahilan ang Lupang Arenda kung bakit hindi makalabas ang tubig mula sa lawa patungong Manila Bay. Ang mga kabahayan umano ang nagpakitid ng daanan ng tubig.

Ang problema ng mga mangingisda sa ring road dike ay itinuturing sila sa proyektong ito na kabilang sa nasa "danger zone," tulad ng mga nasa Lupang Arenda. Ayon kay Ferdinand Escoton, project coordinator ng MAPAGPALA Coalition na pangkalahatang samahan ng mga mangingisda sa Laguna de Bay, "Malinaw naman na sa konteksto danger zone, na 'pag mahirap ka, sa mga urban poor, lalo na 'yong mga lakeshore. Tinatanggal ka, pero papalitan lang ng estruktura. 'Di ba? Ibig sabihin, kung ang sektor ng mangingisda ay mahirap, ang danger zone nakalaan [para] lang sa mahihirap, hindi sa mayayaman, kasi papalitan mo lang talaga ng estruktura."

Maaapektuhan din ang tirahan ng mga mangingisda. Sa kaso ni Ka Seseng, bahagi ng tatamaan ng proyekto ang lupang pinagtatamnan din nila: "Diyan na nakatira 'yong aming mga ninuno na talagang hinawan nila, pinag-aring kanila, hanggang sa ngayon pinakikinabangan pa ng kaapu-apuhan. Kaya sa proyektong 'yan, biglang mawawala sa amin. So iyan 'yong aming hinahabol, maging karapatan namin sa bahaging 'yan ng Laguna lake. Pagkatapos, sa aming paniwala, 'yan ay nilikha ng Diyos para sa mamamayang nakapalibot dito at hindi para sa mga dayuhan at mga maimpluwensiyang tao."

Napasimulan na ang relokasyon ng ilang mga mangingisda sa lugar nina Ka Felimon sa Tanay. Ngunit bagaman may tirahan, hindi naman isinaalang-alang ang kabuhayan ng mga lumipat. "O sige sinasabi nila, 'danger zone kayo. [Sa] oras na maulit ulit 'yong panahon ng Ondoy, hindi na namin kayo sagutin, 'yan ang sinasabi ng gobyerno. Kaya ito, sapilitan, o dito kayo. Dito kayo lumipat sa relocation na ito, na hindi naman naaangkop sa bahagi ng mga mangingisda," ani Ka Felimon. Problema para sa mga mangingisdang inilipat ang kabuhayan. Ayon nga kay Escoton, "Hindi naman pupuwedeng dadalhin mo sila sa bundok, dahil ang kabuhayan nila ay pangingisda." Kaya naman marami sa mga lumipat ng lugar kina Ka Felimon ang "bumalik doon sa aming lugar at doon naghanapbuhay. Iniwanan din nila 'yong kanilang pinaglipatan at bumalik," at dagdag ng isa pang mangingisda, "kasi doon sa bundok, doon sa housing, walang

lawa,walang tubig na puwedeng pamantian, [na] puwedeng pangisdaan."

MAKABINGWIT MAN LANG

Reporma sa pangisdaan ang hinihingi ng PAMALAKAYA. Maging ang mga organisasyon ng mangingisda sa Laguna de Bay ay humihingi ng malawakang pagbabago sa kanilang sektor. Para sa maliliit na mangingisda, hindi mahirap isiping pinagtutulungan sila. Ang sigaw pa nga ng ilan tulad ni Ka Jaime ay "Huwag ninyo naman kaming ganituhin, may mga maralita pang mangingisda na nabubuhay sa paligid ng lawa."

Ayon kay France, isa sa mga unang kailangang baguhin ay ang batas na namamahala sa pangisdaan: ang R.A. 8550 o ang "Philippine Fisheries Code of 1998." Para sa kaniya, "Ang laman ng batas na ito, sa kabuuan, ay isang delubyo sa maliliit na mangingisda. Dahil dito, nagkaroon ng paghahati-hati ng municipal waters. Kasi noon, ang pangisdaan natin ay komyunal sa lahat ng mangingisda." Para sa PAMALAKAYA, ang batas na ito ang nagpasimula ng pagpasok ng internasyonal at malalaking kapitalista sa sektor ng pangisdaan. Pinipigil umano nito ang pag-unlad ng maliliit na mangingisda at ng pangisdaan sa kabuuan. Sang-ayon din si Ka Seseng na hindi nagagawa ng batas dapat mangyari. Ang kailangan umano ay "mapatunayan na kami mismong mga mangingisda ay higit na may karapatan sa aming sariling pangisdaan."

Sa kabilang banda, si Calvan at ang NFR naman ang nagsusulong sa mga mambabatas at mga pambansang ahensiya ng gobyerno na ipatupad ang Fisheries Code. Inaamin naman ni Calvan na hindi perpekto ang batas, "Sa grupo namin, alam namin na hindi pa perpekto 'yong batas na iyon. Pero mas gusto naming makita na ipatupad muna iyong Fisheries Code, na ipatupad siya ng buo at bigyan siya ng badyet."

Binanggit ni Calvan na maraming karapatan ang mga mangingisda sa ilalim ng Fisheries Code. At imbes na delubyo, itinuturing pa nga ng NFR na mabuti para sa mga mangingisda na mayroong lugar na nakalaan para lamang sa mga maliliit na mangingisda, iyon na nga ang pangisdaang munisipal na sinusukat 15 km mula sa pampang. Pinagbabawalan pumasok sa itinakdang lugar na ito ang malalaking barkong komersiyal. Para kay Calvan, malinaw na maraming karapatan ang maliliit na mangingisda sa ilalim ng Fisheries Code, "ang problema nga lang," aniya ay, "hindi napapatupad."

Ayon pa sa kaniya, 1,000 katao lamang ang nagpapatupad ng batas sa ilalim ng BFAR para sa buong bansa. Kulang din ang pondo. "Pero sa amin," ani Calvan, "hindi dapat nagtatapos doon, alam natin na may problema sa institusyon, kailangan nating baguhin." Ipinakita rin ni Calvan bilang halimbawa ang hindi pagtupad sa mga itinakdang malilipatan ng mangingisda o "fisherfolk settlement areas" batay na rin Fisheries Code. Magsisilbi sanang disenteng pabahay para sa mga maliliit na mangingisda ang mga lugar na ito nang sa gayo'y magkaroon sila ng seguridad ng tahanan. Para sa mga gumawa ng batas, proteksiyon ang tadhanang ito laban sa malawakang pagsasapribado ng mga dalampasigan. Nakikipagtulungan ang NFR sa ilang mga taga-Kongreso, gaya nina Kin. Arlene "Kaka" Bag-ao ng Akbayan party-list at si Kin. Sharon Garin ng AAMBIS-OWWA party-list, sa pagpasa ng House Resolution (H.R.) 1411 na dirinig kung bakit hindi pa rin naipatutupad ang pabahay para sa mga maliliit na mangingisda. Isinusulong din umano ng H.R. 1411 ang moratorium o pagpapatigil ng pagpapaalis sa kanilang mga pansamantalang tirahan at pansamantalang pangisdaan. Maging ang papel ng kababaihan sa pangisdaan ay tinatalakay sa nakahaing resolusyon. Naging maganda umano ang mga pag-uusap at nahikayat ang ilang mga mambabatas na suportahan ang adbokasya.

Ang fisherfolk settlement area nga ngayon ang isa sa malalaking isyung ipinaglalaban ng mga mangingisda ng Laguna de Bay, kaugnay na rin ng relokasyong ibubunsod ng planong ring road dike sa palibot ng lawa. Ang pagpapatupad ng tadhana ng Fisheries Code ukol sa pabahay ang nakikitang siguradong paraan nina Ka Jaime laban sa nakaambang relokasyon. Hindi umano maaatim ng mga mangingisda na iwan ang kanilang kinagisnang kabuhayan. Rekomendasyon naman ni Ka Felimon na bukod sa pabahay ay mabigyan din sila ng kakayahang makapagpatakbo ng sarili nilang fish pen. Maseseguro umano nito ang kabuhayan ng maralitang mangingisda laban sa pahirap at pahirap pang sitwasyon ng pangisdaan sa Laguna de Bay.

"Isang dagdag siguro doon sa rekomendasyon namin, na talagang pagtuunan ba, ibigay talaga sa mga mangingisda 'yong tamang programa para sa mga mangingisda, 'yong tamang reporma para doon sa pangisdaan sa lawa ng Laguna," dagdag pang hiling ni Ka Felimon. Idiniin pa ni Calvan na, "dapat inihihiwalay ang usapin ng pangisdaan sa usapin ng agrikultura." Kinakailangan umanong baguhin ng pamahalaan ang programa sa pangisdaan kung nais nitong paunlarin ang kabuuan ng sektor, "Hindi natin iniisip na ang mas maganda talagang program ay ayusin ang estado ng coastal resources, ayusin natin 'yong estado ng coral reefs, paramihin natin sila, ayusin natin ang estado ng ating mangroves, magtanim tayo ng mga bakawanan, ayusin natin ang sea grassbeds natin."

PAPALAOT MULI

Maaaring nagkataon nga lamang na sa panahon ng habagat nagpunta ang grupo ng mga Atenista sa Quezon. At maaari ngang kapag hindi habagat ay malakas ang huli ng mga mangingisda, ayon na rin kay Nanay Carmen. Sa pag-alis ng kanilang mga bisita, inaya ng mga tagaroon ang mga Atenista na bumalik. Sana raw ay sa tag-araw kung kailan malakas ang huli.

Para sa mga katulad ni Calvan, simple lang naman ang tawag at tugon sa mahirap na kalagayan ng pangisdaan: "pananampalatayang nagbubunga ng katarungan." Aniya, "Naaasiwa tayo siguro, nagtatanong, nagtataka, kung bakit may mga mahihirap ng mga tao. Bakit may mga mangingisda na kailangang lumabas sa kanilang bahay upang mangisda ng ilang oras? Doon [pananampalataya] makikita nating kailangan nating tulungan itong mga taong ito na nagbibigay ng pagkain sa atin."

Ilang alon man daw ang bumangga ay hindi matitinag si Ka Felimon, "Ako sa bahagi ko nga sa personal, magulang ko mga mangingisda. Hanggang ngayon, ako'y mangingisda. Ang binuhay ko doon sa aking anim na anak, ay talagang doon sa pangingisda. Kaya hindi ko maiwanan 'tong pangingisda dahil paano pa kung wala sa bahagi ng mga lider na talagang nagsusumikap na itaguyod 'yong pangisdaan, ay sino pa 'yong magpapahalaga?"

Ngunit paano na nga kung naghihikahos na ang pangisdaang bumubuhay at nagbibigay? Isang bagay siguro ang malinaw: patuloy lang na papalaot sina Ka Jaime, Seseng, Felimon, at si Tatay Nicanor. ᗰ

**Hindi totoong pangalan*

PAGHUGOT SA (KABILA NG) LUNGKOT

PARA SA ISANG PAMANTASANG NANGANGAKONG PANGALAGAAN ANG KAPAKANAN NG MGA ESTUDYANTE HIGIT SA LAHAT, HANGGANG SAAN BA SANGKOT ANG ATENEO PAGDATING SA USAPIN NG DEPRESYON?

nina Mayo Floro, Marvin Lagonera at Pristine de Leon
sining ni Veron Oliva
lapat ni Benjhoe Empedrado

LIKAS na masayahin raw ang Filipino. Kahit maraming pinapasang problema ay dinaraan sa tawa. Sa kabila ng balisa at lungkot ay ang mapagpalayang ngiti't halakhak—mga sandaling panandaliang nalilimutan ang bigat ng realidad. Ang kalungkutan nga naman, tulad ng anumang emosyon, ay napaparam at lumilipas din.

Ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon. May-roong lungkot na tumatagal nang higit sa inaasahan kaya't umaabot sa puntong hindi makabalik sa karaniwang pamumuhay ang biktima. Ganito mailalarawan ang depresyon. Ayon sa World Health Organization (WHO), ang Filipinas ang may pinakamataas na tala ng kaso ng depresyon sa Timog-Silangang Asya. Noong 2004, may humigit-kumulang 4.5 milyong kaso ang naitala sa loob ng bansa.

Marahil sa huli, babalik at babalik tayo sa realidad. Sa likod ng mga tawa ay ang kurot ng kalungkutang dala ng mga problema.

Hindi na rin bago ang usapin ng depresyon pagdating sa Ateneo. May malaking papel na ginagampanan sa paghubog ng mga estu-dyante ang paaralan, bilang malaking bahagi ng buhay nila. Sa ano-anong paraan nga ba nakikilahok ang Ateneo pagdating sa isyu ng depresyon?

SITWASYON SA ATENEO

Tumanggi mang maglabas ng estadistika ng mga kaso ng depresyon sa Ateneo, aminado si Jovie Valle, Coordinator for Psychological Services ng Loyola Schools Guidance Office (LSGO), na hindi maiiwasan ang pagkaka-roon ng mga kaso ng depresyon sa loob ng kampus bawat taon. Aniya, "Sadyang bahagi lamang ng buhay ang depresyon. Kahit pa sa labas ng kampus, lahat tayo ay may tenden-siyang ma-depress." Dagdag pa niya, "Ang pakikitungo rito ang naiiba. Halimbawa, may mga estudyanteng mas kayang dalhin ang sarili nila kaya nakakapagtrabaho pa rin sila kahit may pinapasan." Ang Atenista raw, tulad ng sinumang estudyante, ay pangkara-niwang tao rin na maaaring ma-depress. Wika ni Valle, "Hindi mo naman puwedeng sabihing kung papasok ka ng Ateneo, normal ka sa lahat ng aspekto. Meron din namang concerns." Ganito rin ang saloobin ni Rene Salvador San Andres, Associate Dean for Student Affairs (ADSA), pagdating sa pagla-larawan ng depresyon bilang isyu sa Ateneo. Pangunahing tungkulin ng opisina ng ADSA ang pangalagaan ang akademikong kabuti-han ng mga estudyante.

Ayon kay San Andres, hindi man niya maaa-ring sabihin kung tumataas ang mga kaso ng depresyon sa pamantasan, hindi raw pu-wedeng ikahon ang isyu sa loob ng kampus. Wika niya, "Hindi lang sa pamantasan ang isyu. Halimbawa, ito ba ay nagiging nor-mal sa kabataang Filipino? Epekto ba ito ng media, ng genre ng emo, o social networking? Baka hindi rin maayos na isyu ito sa Ateneo. Hindi lang sa kabataan, sa lahat ng edad 'yan, maaring magkaroon ng depresyon na maaar-ing maapektuhan ang daloy ng buhay."

PAG-UNAWA SA DEPRESYON

"Hindi maintindihan." Ito ang sabi ni NJ* (AB Com), mag-aaral sa Ateneo, habang nilalahad niya ang karanasan sa pakikipagla-ban sa depresyon. "Madalas pinagkakamalan akong may ADHD o anger issues. Hindi maintindihan ng karamihan ang ugali ko. Sabi nila, lagi akong nasa extremes. Minsan sobrang high ko, minsan sobrang down," ani ni NJ.

Kaya naman, ayon kay Valle at San Andres, mahalaga ang papel ng eskuwelahan sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga estudyante. Higit rito, nakikita nila ang halaga ng pagtapik sa mga miyembro ng komunidad sa pagtugon sa depresyon. Una na rito ang pagiging malay sa sikolohikong paliwanag ng depresyon. Sa polyetong inilabas ng LSGO, inilalawaran ang depresyon bilang kalagayan ng kalungkutang nagtatagal at dahil dito, hindi makapagpatuloy ang isang tao sa kara-niwan niyang gawain.

Ayon kay Joy Tongco-Galvez Tan, guro sa Kagawaran ng Sikolohiya ng Ateneo de Manila, may ilang sintomas na karaniwang mapapansin sa taong nakararanas ng depresyon tulad ng mga pagbabago sa pagtulog—maaaring tulog nang tulog o kaya nama'y hindi makatulog. Gayundin, sintomas nito ang mga pagbabago sa pagkain—kain nang kain o ayaw nang kumain. Nararanasan din ang pag-iyak nang walang malinaw na dahilan. Kadalasang mga kababaihan ang nakararanas nito, palibhasa'y karaniwang pinipili ng kalalakihan ang pagtatago sa kanilang nararamdaman. Gayumpaman, lumilitaw sa kilos ng lalaki ang tindi ng kalungkutan. Madali siyang mairita, madaling nagagalit.

Nakararanas din ang taong may depresyon ng kawalan ng pokus. Madaling nahahawing ang kaniyang konsentrasyon samantalang paulit-ulit namang tumatakbo sa isipan niya ang mga bagay na nakalulungkot—masasamang pangyayari at kanilang mga pagkakamali. Nawawalan din ng gana sa mga bagay na dating kinaaaliwan tulad na lamang ng paglalaro, pagsasayaw, pag-arte sa teatro o pagpunta ng simbahan. Minamabuti na lamang niyang manatili sa loob ng bahay. Ayon kay Galvez Tan, maaaring dulot ng genetics o ng kapaligirang kinalakihan ang predisposisyon ng isang tao sa depresyon. Kapag may pangyayaring nakadudulot ng matinding pagod at balisa o tinatawag na stress, lumilitaw at lumalala ang depresyon. May mga kasong nagsisimula sa tahanan ng indibidwal—tuwing nagkakaproblema ang mga magulang sa isa't isa o ang magulang at ang anak. Maaari din namang nagsisimula ang depresyon sa paaralan o kombinasyon ng pareho.

Sang-ayon si Valle rito ngunit dagdag pa niya, maaari naman daw na kombinasyon ng mga salig ang depresyon. Halimbawa, maaaring ang tao ay may predisposisyon na ngang ma-depress, may problema pa siyang dinaranas, kaya lumalaki ang tendensiyang ma-depress.

MAGIS = PRESYUR = DEPRESYON?

Bukod sa mga nasabing salig, binigyang-diin ni Galvez Tan ang halaga ng pamantasan bilang posibleng espasyong pagmulan ng depresyon. Batay sa kaniyang saliksik, iniugnay niya ang ekonomikong sitwasyon ng mundo sa akademikong presyur at bilang epekto ng mga ito, depresyon.

Ayon sa kaniya, may epekto rin ang ekonomikong sitwasyon ng mundo sa pag-usbong ng depresyon. Lalong pinalalala ang mga problemang dinadala ng isang tao, ng higit na malalaking krisis tulad na lamang ng resesyon na kinakaharap ng halos buong mundo. “Kung napapansin ninyo, ‘yong problema natin, global na siya. Iyong resesyon, lahat tayo, nakakaramdam,” ani Galvez Tan.

Makikita sa buhay ng bawat indibidwal ang manipestasyon ng krisis na ito. Sa nibel ng pamantasan, tumitindi ang kagustuhan—na kalauna'y nagiging pangangailangan—na umangat sa kompetisyon upang makahanap ng mas magandang ikabubuhay na makapag-aangat ng sarili sa pangmalawakang krisis ng resesyon. Tumitindi ang presyur na maging pinakamagaling sa isang pamantasan kung saan lahat ay magagaling. Dahil dito, may mga sitwasyong labis na sineseryoso ng mag-aaral ang kahalagahan ng pagiging magis at ang masama sa pangyayaring ito, nagkakaroon ng maling pagkakaunawa sa diwa ng salitang iyon. Para sa iba, naiintindihan tuloy nila ang pagiging magis bilang pagiging pinakamagaling sa lahat ng bagay—isang maling haka na nagbubunga ng lalong di-makatotohanang layunin. Nagiging perpeksiyonista ang estudyante, nalulungkot nang labis tuwing nakakukuha ng mabababang marka.

(SISTEMATIKONG) PAGTUGON

May sistema naman umanong inihanda ang Ateneo upang tugunan ang mga kaso ng depresyon. Ayon kay Valle, maaaring magsadya sa LSGO, anumang oras, upang makausap ang mga sikologo nila. “Libre ‘yon dito, students do come on a regular basis. Wala silang kailangang bayaran,” dagdag pa niya. May mga kaso ng depresyon na ayaw magpakilala ng biktima at kaibigan lamang ang lumalapit. Nirerespeto ito ng LSGO at ipinaaabot ang tulong sa pamamagitan ng kaibigan. “Kung payag na maipa-refer, ipapatawag namin. Kung hindi naman, tinutulungan namin ‘yong kaibigan sa kung paano iha-handle. Mabigat din kasi siyang dalhin,” paliwanag ni Valle.

Hindi naman daw lahat ng depresyon ay kailangan ng medikasyon. Kaya naman, ayon sa rekomendasyon ng mga sikologo kung kinakailangan ng medikasyon. “Kung napapansin naming mga sikologo na kailangan na niya ng mas malayong treatment, puwede namin silang isangguni sa family therapist o addiction counseling psychiatrist, ayon na rin sa kung ano ang nararanasan nila, addiction ba o family-related, para ma-diagnose.” Nagtutulungan din ang iba't ibang opisina sa Ateneo tulad ng ADSA, LSGO, infirmary, Office of Admission and Aid at iba pang



non-formation offices upang matugunan ang sakit.

Halimbawa, dahil adhikain ng ADSA ang pangangalaga sa lahat ng mag-aaral sa loob ng pamantasan, may mga protokol din silang inilatag para sa depresyon. Ayon kay G. Cholo Malilin, katuwang sa ADSA, "Ang guidance office ang pangunahing proponent ng mga programa na may kinalaman sa overall psychological welfare ng mga estudyante. Meron silang protokol sa kung ano'ng gagawin kung may mga sintomas ng depresyon." Gayumpaman, mahalaga ang papel ng ADSA dahil sa mandato nito bilang "ikalawang magulang" ng mga mag-aaral sa Ateneo. Sa kaso ng depresyon, pumapasok ang ADSA kapag hindi nabibigyan ng kaukulang tulong ang mag-aaral o hindi nasusundan ang protokol. Paliwanag pa ni San Andres, "Halimbawa ang titser [ang] dumiretso sa guidance, at inalalayan na nila at tinawagan ang magulang. Hindi na kami papasok sa eksena, dahil naaalalayan na ang estudyante. Ang papel namin [ay] kung nagkukulang sa pag-alalay sa estudyante, the buck stops here. Sinusuguro namin na ang karamptang lunas o alalay ay naibibigay."

Ngunit, sa mga kaso ng matinding depresyon na kailangan ng interbensiyon, pumapasok ang ADSA. Ayon kay Malilin, "pumapasok ang ADSA kung mapanganib na ang kalagayan ng mag-aaral tulad ng suicidal articulation kung saan may balak na siyang magpakamatay o saktan ang sarili, sa amin napupunta iyon. Ang protokol diyan ay rumesponde agad. Marami nang mga pagkakataon na matter of minutes na lang. Kung wala agad interbensiyon, hindi mabibigyan ng pagkakataon na mas mailabas ng mag-aaral ang kung ano ang talagang hinaharap niya na isyu sa kaniyang buhay." Dahil sa ganitong sistema ng pagtutulungan ng ADSA, LSGO, mga guro at ibang miyembro ng komunidad, may magagawa para sa mga mag-aaral na kailangan ng tulong sa kanilang depresyon.

Sa huli, malinaw ang papel ng ADSA at para kay San Andres simple lang din ang papel nila. "Kami 'yong nasa dulo ng pila para masigurado na walang mga loose ends." Hindi naman sang-ayon si NJ sa pakikialam ng Ateneo sa isyu ng depresyon. May kani-kaniya umanong paraan ang mga may depresyon sa pagtugon dito. Dagdag pa niya, may mga pagkakataong namimilit na ang mga opisina sa layuning maibsan ang depresyon.

"May kani-kanya kaming paraan ng pag-cope dito. Mas nakaka-depress sila [pagtugon ng mga opisina ng Ateneo]," wika ni NJ. Para sa kaniya, mainam na magtatag ng mga programang puwedeng paglabasan ng kalungkutan at sama ng loob. Ayon sa kaniya, "kailangan lang makahanap ng output para mailabas o maibuhos ang nararamdaman, tulad ng filmmaking, painting, o photography."

PERSONAL NA DIMENSIYON

Nakapangingilabot kung paanong labis na nakasisira ang isang maling pag-iisip. Kung puro masasama ang dulot nito sa indibidwal, mahalagang baguhin ang mga maling paniniwala. Kaya naman, ayon kay Galvez Tan, kinakailangang tandaan na hindi lamang marka sa klase ang panukat ng buong pagkatao. Nilahad nga niya na "magis should always come with cura personalis. Minsan kasi sa kagustuhan nating maging magaling na estudyante nakakalimutan natin ang iba pang aspekto ng ating buhay na kailangan din nating kalingain." Bukod sa pagkakaiba ng paniniwala, naglahad din si Galvez-Tan ng ilan pang mga paraan upang mapahinto ang nakasisirang siklo ng depresyon upang maagapan ito nang tuluyan. Isa ang pagbaling ng pansin mula sa mabibigat na trabahong akademiko tungo sa mabababaw na bagay na kinaaaliwan. Makabubuti sa mag-aaral ang pansamantalang pamamahinga mula sa pagsagot ng takdang-aralin o pag-aaral para sa pagsusulit at maglibang muna nang panandalian. Nakatutulong ang mga simpleng libangan tulad ng paglalaro, panonood ng sine at kung ano-ano pang ikaaaliw. Pagkatapos maglibang, makababalik na muli ang mag-aaral sa kaniyang gawaing akademiko na may mas matiwasay na pag-iisip.

MAGIS SHOULD ALWAYS COME WITH CURA PERSONALIS. MINSAN KASI SA KAGUSTUHAN NATING MAGING MAGALING NA ESTUDYANTE NAKAKALIMUTAN NATIN ANG IBA PANG ASPEKTO NG ATING BUHAY NA KAILANGAN DIN NATING KALINGAIN.

Joy Tongco-Galvez Tan, Kagawaran ng Sikolohiya

Mahalaga rin na panatilihin ang pakikipagugnayan sa pamilya at sa mga kaibigan. Kinakailangang maglaan ng panahon upang makasama sila. Hindi dapat maliitin ang kahalagahan ng samahan at tawanan. Tumutulong ang mga ito upang mapahinto ang nakasisirang siklo ng negatibong pag-iisip. Isa pang paraan ang pagsali at aktibong pakikibahagi sa mga organisasyon sa pamantasan. Dito natutuklasan ng mag-aaral ang iba-iba niyang kakayahan at talento. Sa kaso ng mag-aaral na nakararanas ng depresyon dahil sa mabababang marka, mababatid niyang hindi lamang pala mga marka sa papel ang sukat ng kagalingan. "Mas nadaragdagan ang pagpapahalaga sa sarili, hindi lang nakadepende sa isang aspekto ng buhay," ani Galvez Tan. Bukod sa bagong natutuklasang talento, malaking bagay ring habang nasa organisasyon at nagiging produktibo ay napaliligiran din ng mga kapuwa mag-aaral. Importante ang pakikisalamuha sa iba't ibang tao.

Bagaman maganda ang pakikipagkilala at pakikipag-usap sa kapuwa mag-aaral, nakatutulong sa taong may depresyon ang kusang pagpunta sa LSGO ng pamantasan, upang makausap ang guidance counselor at maibahagi ang mga bagay na gumugulo sa kaniya, malala man o hindi. "Habang maaga pa lang, pag-usapan [na] natin, gawan natin ng solusyon para hindi na lalaki pa," 'ika nga ni Galvez Tan.


Tulad ni Galvez Tan at NJ, binigyang-diin din ni Valle ang personal na dimensiyon ng depresyon. Para naman sa kaniya, mahalaga ang papel ng mga kaibigan lalong-lalo na ng pakikinig sa pag-ibsan ng depresyon. "Paano ba talaga makakatulong ang kaibigan? Makipag-usap at makinig," ani Valle. Paliwanag niya, "Kapag hindi ka nakikinig, hindi mo malalaman kung ano talaga ang hinihingi ng tao. Kadalasan, kapag masyado tayong komportable sa isa't isa, nakakalimutan nating pakinggan kung ano talaga ang gustong sabihin ng taong ito. Hindi lamang sa salita, pati sa kaniyang aksiyon." m

**Hindi totoong pangalan*

TASK—FORCE?

Pagsusuri sa bisa ng task force system kaugnay ng buong estruktura ng Sanggu

nina Benise Balaoing, Rhea Leorag at Reizle Platitas
sining ni Mich Garcia
lapat ni Geneve Guyano



TASK—FORCE?
Ramdam nga ba ang Task Force System ng Sanggunian?

"Kami ang nag-iisang autonomous na pamunuan ng mag-aaral. Kami ang naghahatid ng inyong mga hinaing. Pinangangalagaan namin ang inyong kabutihan. Pinagkatiwalaan kami upang mamuno at (commited) kami na maglingkod. Kami ang inyong Sanggunian."

Makikita ang pahayag na ito sa opisyal na letterhead ng Sanggunian ng mga Mag-aaral ng mga Paaralang Loyola ng Pamantasang Ateneo de Manila. Bilang kinatawan ng mga mag-aaral, inaasahan mula sa Sanggu ang pagbibigay-serbisyo sa kanilang mga kinakatawan, ang mabisang pagpapakalat ng mahahalagang impormasyon, at higit sa lahat, ang pagiging tulay para sa paglalahad ng suhestiyon at hinaing ng mga mag-aaral sa administrasyon. Bukod pa rito, bahagi rin ng kanilang paglilingkod ang magpapanimula o manghihikayat ng pagkilos ng mga mag-aaral para o laban sa mga isyung panlipunan na nakaaapekto sa kanila bilang mamamayan.

Upang magampanan ang tungkuling ito, nahahati ang estruktura ng Sanggunian sa dalawang malaking pangkat: ang Central Board (CB) at School Boards (SB). Binubuo ang CB ng Top 4 —ang pangulo, pangalawang pangulo, pangkalahatang kalihim, at tagapamahala ng pananalapi—ng tig-isang kinatawan mula sa Council of Organizations of the Ateneo at Ateneo Resident Students Association, at ng mga kinatawan ng bawat year level ng apat na paaralang Loyola. Sa SB naman kabilang ang tagapangulo, kalihim-ingat-yaman, executive officers at mga kinatawan ng mga block at kurso ng apat na mga paaralan.

Mahalaga ang ginagampanan ng estruktura ng Sanggu upang masigurong maaabot nila ang kanilang pinagsisilbihan. Tungkulin ng CB na gumawa at magpatupad ng mga patakaran na nagsusulong sa kapakanan ng mga mag-aaral at anumang may kinalaman dito. Dahil mas espisipiko ang gampanin ng kasapi sa SB, partikular din sa kani-kaniyang paaralan ang pangangailangang dapat tugunan. Ang anumang nanggagaling sa CB ay ibinababa sa SB na siyang nangangalaga sa komunikasyon at mobilisasyon sa sari-sariling nasasakupan.

Ayon kay Regine Guevarra, tagapangulo ng Department of External Affairs, ang naturang estruktura ay bunga ng adyenda ni Gio Tingson, pangulo ng Sanggu noong taong 2009-2010 na pagkakaroon ng 'institusyonalisasyon' sa loob ng Sanggu. "Basically, ang sinasabi n'on [ay] buuin [ang] pagiging institusyon ng Sanggu [at magbubuo] ng mga institusyon sa ilalim ng Sanggu." Noong nakaraang taon, sa ilalim naman ni Rob Roque, nabuo ang idea ng pagkakaroon ng iba't ibang mga sangay sa ilalim ng CB. Sa kasalukuyan, kinabibilangan ng dalawang service departments: ang Department of Student Welfare and Services (DSWS), Department of Student Leadership Development (DSLD), at tatlong auxiliary departments: Department of Public Relations, Department of Internal Affairs (DIA) at Department of External Affairs (DEA).

Ang Department of External Affairs
Kung higit nakatuon sa panloob na adyenda ng Sanggu at Ateneo ang naunang apat na kagawaran, iba naman ang pokus ng DEA. Ayon na rin sa ngalan ng kagawaran, pakikipag-ugnayan sa labas ang tungkulin ng Department of External Affairs. Kinakatawan ng DEA ang Sanggu sa Student Council Alliance of the Philippines at iba pang samahang pangkabataan. Nakikilahok ang kagawaran sa pakikipagdiskurso sa gobyerno at

non-governmental organization ukol sa mga isyung nakaaapekto, tahasan man o hindi, sa buong komunidad ng Ateneo. Sa ganang ito, maaaring tingnan ang papel ng DEA bilang lagusang nagduduktong sa mga Atenista sa lipunan.

"Sa unang tingin... mukhang napaka-politically-oriented ng DEA, pero hindi lang talaga iyon ang dapat niyang ginagawa kaso nagkataon lang na iyong mga pumapasok na external engagements karamihan [ay] politically-oriented," ani Guevarra.

Sa uri ng gampaning mayroon ang DEA, nangangailangan sila ng malawakang pangangalap at pagsasaayos ng mga impormasyon, kaya naman may sarili itong mga sangay para sa pananaliksik at public relations. Matapos mailapit ang isang isyu sa DEA, sinisiyasat ito ng kagawaran ng pananaliksik at inilalahad ang impormasyong nakalap sa CB na siyang tutukoy kung alin ang dapat gawan ng task force. Sa pamamagitan ng binuong task force, ginagawang konkreto ang pagkilos na ayon sa mga kabahagi noon.

PAGBIBIGAY-TUON(?): ANG SISTEMANG TASK FORCE

Hindi limitado ang sistemang Task Force sa mga opisyal ng Sanggunian. Espasyo umano ito upang malayang makibahagi ang mga mag-aaral ng Ateneo. Ngunit gaano kaaktibo ang pakikilahok ng mga mag-aaral dito?

Ang Ateneo Task Force 2010 (ATF 2010) na sinimulan ng Sanggu sa pamamahala ni Gio Tingson ang unang naitatag na Task Force. Dahil sa parte ng ATF 2010 sa paggising sa kamalayang-politikal ng kabataan, kinilala pa ng Ten Accomplished Youth Organizations (TAYO) Awards Foundation, Inc. ang samahan. Sa pamamagitan noon, nagkaroon ng satellite registrations sa loob at labas ng Ateneo kasabay ng kabi-kabilang mga forum na nagsusulong ng edukasyon ng mga botante. Naanyayahan din ang mga kandidato sa pagkapangulo at nagkaroon ng mock elections at sarbey. Sinundan ito ng Task Force Ondoy na tumipon sa mga Atenista upang magkaroon ng maayos at mabilisang pagtugon sa mga apektado ng bagyong Ondoy.

Ang ngayo'y kilalang-kilala nating Task Force: Blue Residences ay sumusunod rin sa yapak ng naunang dalawa. Gayon man, ani Guevarra, "Floating Task Force siya. Dahil nga lumulutang, kumbaga walang sustainable na nagsisimula o nagbabantay doon sa Task Force. Kumbaga iyong pagpapagalaw medyo mahirap kasi nga hindi siya nakabase sa isang bagay."

Ngayong taon lamang naitalaga ang Task Force System bilang proyekto ng DEA. Kaya paliwanag ni Guevarra, "Kung makikita ninyo medyo hindi pa [siya] matatag depende kung sino [ang] makaisip, at kung kaya ba niya maglikom ng mga tao na sasali sa task force. So, doon namin nakuha iyong konsepto na... gamitin din [siya] ng DEA since sa amin nga pumapasok kadalasan itong mga socio-political issues..."

ALAM NAMAN NATIN IYONG SITWASYON NGAYON NG STUDENT BODY NA HINDI GANOON KA-AKTIBO SA TAWAG NG MGA SOSYO-POLITIKAL NA ISYU.

Regine Guevara, Sanggu DEA

Mayroong dalawang uri ng Task Force: ang Education Task Force (ETF) at Mobilization Task Force (MTF). Matapos pag-usapan ng CB ilulunsad na ang ETF na wala pang partikular na pagkiling sa anumang panig. Ang layunin ng ETF ay mabigyan ng sapat na kaalaman ang komunidad ng Ateneo ukol sa isyu. Matapos mabigyang-kaalaman ang mga estudyante ukol sa isyu, pinagbobotohan na ng CB o ng magiging Kapulungan ng mga Kinatawan (HoR) kung ano nga ba ang nararapat na maging opinyon ng komunidad ng Ateneo sa nasabing isyu. Matapos ang botohan naitatatag na ang ikalawang uri ng Task Force—ang Mobilization Task Force.

Sa MTF, mayroon nang aktuwal na pagkiling at ang layunin nito ay mapakilos ang mga estudyante para o laban sa naturang isyu. Gayumpaman, hindi umano maisasakatuparan ang anumang MTF hangga't walang nangyayaring konsultasyon sa mga estudyante. "Iyon ang pinakapinahahalagahan ng DEA, hindi kami nagpapasimula ng mobilisasyon hangga't hindi siya dumadaan sa konsultasyon.." pahayag pa ni Guevarra.

Ngayon, nabago nang kaunti ang sistema. "Kamakailan napagtibay ang panukalang ibigay sa DEA ang karapatang gumawa ng sarili nitong task force [nang] hindi na kailangan pagbotohan ng CB," salaysay ni Guevarra. Makaganoon man, nilinaw na rin niya na mayroon pa ring limitasyon sa paggawa ng task force, "Ngayon, aaminin ko, 'yong problema doon [ay] hindi rin naman lahat ng isyu puwedeng gawan ng Task Force. Kasi kung ganoon, dapat ngayon mayroon na tayong isandaang Task Force na hindi rin naman kaya."

Sa kasalukuyan, may dalawang MTF na pinasimulan ang Sanggu: isa sa para sa Freedom of Information (FOI) Bill at isa pa sa Students' Rights and Welfare (STRAW) Bill. Sa FOI, ang DEA ang kumakatawan sa sektor ng estudyante habang itinuturing namang opisyal na information hub ng STRAW Coalition sa NCR na binubuo ng student councils ng iba't ibang unibersidad na sumusuporta sa bill ang Ateneo. Nariyan man ang DEA para makipag-ugna-yan sa labas, nilinaw ni Guevarra na maaari namang manggaling sa loob ang mga panukalang isyu. Ganito ang nangyari sa dalawang isyu na nagdaan na sa ETF: ang Reproductive Health (RH) Bill at Aurora Pacific Economic Zone (APEco). Naganap ang The Real Issue: A Forum on Reproductive Health" noong Setyembre para sa nauna at kasalukuyang binabalak ang pagbababad para sa APEco.

PAGPAPAKALAT NG IMPORMASYON

Gaya na rin ng paliwanag ni Guevarra, ang mga kasapi ng task force ang siyang nagpapausad sa samahan. Mahalaga ang pagpapaalam at pag-engganyo sa mga mag-aaral. Gamit ang Facebook group na "Sanggunian Department of External Affairs," sinusubukang lapitan ng DEA ang mga Atenista. Doon matatagpuan ang mga e-posters na nag-aanyaya ng mga nais sumali sa iba't-ibang Task Force. Kapansin-pansin na kaunti pa lang ang bahagi ng grupo: 463 sa mahigit sampung libong bilang ng mga mag-aaral sa Ateneo. Kaunti lang din ang nag-'like' sa mga e-poster. Ipinaliwanag naman ni Guevarra na pinili nila ang media dahil na rin sa limitasyon sa badyet.

Kung ang mga numerong iyon lamang ang pagbabasehan, kulang pa nga ang pag-abot ng DEA. Ganito rin ang tingin ni Steffi Sales,

pangulo ng The Assembly, aniya, kailangang baguhin ang mekanismo ng mga Task Force. "Ayos naman na may FOI sila, na may STRAW bill task force. Pero 'yong tanong, naaabot nga ba nito ang iba pang bahagi ng komunidad ng pamantasan? Sa palagay ko, hindi."

Kaunti ang naaabot kaya kaunti ang naeengganyo. Ito ang malaking suliraning kinakaharap ng DEA. Salaysay ni Guevarra sa task force FOI, halos ang mga kinatawan lang ng SOSS ang nakikibahagi. Sa STRAW Bill naman, mga kinatawan din sa Sanggu ang karamihan sa mga miyembro. Pagdating sa APEco at RH Bill, maraming pangkaraniwang estudyanteng nakibahagi sa mga Task Force ngunit dahil lamang umano may naging kaugnayan ito sa kani-kanilang mga klase. Sa huli, hindi na rin lumawak pa ang dami ng mga miyembro ng mga Task Force na ito. Ani Guevarra, "Alam naman natin 'yong sitwasyon ngayon ng student body na hindi ganoon kaaktibo sa tawag ng mga sosyo-politikal na isyu."

TAWAG-PANSIN?

Palagay naman ni Sales, nag-uugat ang problema ng pakikilahok sa pakikitungo ng Sanggunian sa mga mag-aaral. "Parang dinadaan talaga nila parati bilang Sanggunian project ito (pagkilos), hindi [bilang] kolaborasyon kasama ang ibang tao. At dahil ng pagiging sarado ng isipan nila, naaapektuhan tuloy ang mga proyekto nila. Walang gustong sumama sa kanila,"giit niya. Makalawang beses ding binanggit ni Sales ang kaniyang panghihinayang sa mga proyekto ng Sanggunian. "Hindi nila alam na may mga ginagawa rin 'yong iba't ibang organisasyon tungkol sa mga isyu na iyon pero hindi sila (mga organisasyon) nakikibahagi sa kanila."

Malapit din dito ang pahayag ni Job de Leon, pangulo ng Ateneo Debate Society. Aniya mahalaga ang gampanin ng Sanggu lalo na sa mga gawaing nangangailangan ng malakihang suporta mula sa unibersidad ngunit may problema sa paraan ng pakikilahok nila. Ani de Leon, "Sa mga proyektong pinagsasama ang maraming mutual interest na kasangkot gaya ng Ondoy, oo puwede siya kasi tinutugunan din naman siya ng estudyante; kailangan mo lang mag-organisa. [Ngunit] sa ibang bagay, sa tingin ko hindi siya kailangan."

Ibinigay na halimbawa ni de Leon ang Task Force SM Blue. Aniya, "Sa tingin ko ang nangyayari kasi diyan ang labas ba ay nanggaling ang inisyatiba na 'to sa Sanggunian. Lahat ng pagkilala na makukuha rito ay mapupunta sa Sanggunian, na sa tingin ko naman ay hindi nararapat. 'Yong laban na 'yon ay hindi lamang ng ilan kundi mayroon pang ibang taong hindi mo napapansin."

Tumugma naman ang sinabi ni De Leon sa pahayag ni Sales nang sinabi niyang "Kung may ginagagawa rin silang (iba) mabuti sige magbigay kayo pero huwag 'yong garapalan ba na may kinukuha ka na makapipinsala na sa ibang partido [o] grupo."

SA PALAGAY KO, KAHIT GAWIN NILA IYONG INAASAHAN KO NA PAGBIBIGAY-TUON SA IBANG ISYU, KUNG WALA RIN NAMAN SA TAONG TUMUGON, WALA RING MANGYAYARI.

Job de Leon, Ateneo Debate Society

PAGSASAAYOS NG ESTRUKTURA

Iniugnay din ni Sales ang estruktura mismo ng Sanggu sa problema. "Bureaucratic" umano ang pamamahala. Ipinaliwanag niya na bagaman maraming nakakatutulong at marami silang kagawarang tututok sa iba't ibang isyu, mukhang labis-labis ang bilang nila. "Parang ang dami nila. Masyado silang marami pero parang walang nangyayari."

Kasalukuyan namang nirerebisa ang konstitusyon ng Sanggunian. Kabilang ang pagtatag ng Kapulungan ng Kinatawan (HoR) sa mga isinusulong na pagbabago. Gayon man, hindi nakikita ni Sales ang punto nito. Aniya, "Pero kung gagawin nila iyon, redundant na 'yong ibang posisyon. Hindi na nga sila gumagalaw ngayon, mas hindi pa sila gagalaw kung mas marami pang tao ang ilalagay nila." Higit pang ipinaliwanag ni Sales ang kaniyang punto. Aniya, "Ang pakikisangkot sa student council ay hindi nangangahulugang pakikisangkot sa loob ng estruktura ng Sanggunian bilang konseho. Maaari rin na ako, bilang kabahagi ng ibang organisasyon, ay makikipagtulungan sa Sanggu?" Tanong ni Sales, "Bakit kailangang nasa loob ako [ng Sanggu]?"

Nang tanungin ukol sa solusyon upang maging higit na epektibo ang Task Force, wika ni Sales, "Sa tingin ko, kailangan ng Sanggu na makipagsanib-puwersa sa iba pang mga organisasyon na tumututok sa isyung panlabas kasi hindi naman superheroes ang Sanggunian...[na tila] alam nila ang lahat." Ayon sa kaniya, ito ang paraan upang marinig ang boses ng mga estudyante at pati na rin ang epektibong paraan para mapakilos sila. Sa gayon, hindi lang umano opinyon ng Sanggunian ang naririnig kundi pati na rin ang opinyon ng higit na nakararaming estudyanteng tunay na may malasakit sa isyu.

Suhestiyon naman ni de Leon, "Huwag ka magpaka-Superman. Huwag mong gawin ang lahat nang mag-isa. Hayaan mong lumabas ang inisyatiba ng iba at suportahan mo iyon."

TAO O GOBYERNO?

Sa bandang huli, kinilala ng mga partido ang mga pagkukulang ng kasalukuyang sistema. Ani Guevarra, "Kahit kasi magpakalat kami ng impormasyon, kung hindi umantig sa mga Atenista iyong isyu, hindi rin nila ito ipaaalam sa iba."

Nakikita rin ni de Leon ang aspektong ito ng problema. Aniya, "Sa palagay ko, kahit gawin nila iyong inaasahan ko na pagbibigay-tuon sa ibang isyu, kung wala rin naman sa taong tumugon, wala ring mangyayari."

Sinasabing maaaring walang nagiging progreso sa isang lugar dahil apatetiko ang mga mamamayan, dahil tila wala silang pakialam sa mga nangyayari. Ngunit maaaring nasa pamahalaan din mismo ang problema—bagama't marami silang nagagawa, bigo sila sa pagtatag ng kanilang sarili bilang makapangyarihan. Tila ganito ang ating kasalukuyang sitwasyon. Sino nga ba ang magsusulong ng pagbabago: tao o gobyerno?

*Huling pagkonsulta sa DEA page: Disyembre 17, 2011. Nililinaw ng manunulat na limitado ang datos sa nasabing page at maaari namang ipinaabot ang impormasyon sa pamamagitan ng kanilang personal na account. m

**Isinalin ang mga sipi*



Nagdaan ang paskong
makulay at
masaya

Lumipas ang liwanag ng talang
nagpasulyap sa bukas na kaiba

Maparam

kuha ni Matthew Dumlao
titik ni Raph Limiac
lapat ni Rico Esteban



Nag-antay man nang may
ngiti hanggang
mamanhid

Umasa mang uusad
ang gulong at makakalas ang
bigkis





Napagod lamang at
naupos sa
huli



Napatitig na lamang at humiling
"Kapag nasa taas ka na,
lumingon
ka sanang muli"

NANG MAKUHA NI ISAAC ANG PARA KAY ISMAEL

Ang kuwento ng marhinalisasyon ng mga Muslim sa Mindanao.

nina Noel Clemente, Jan Fredrick Cruz at Brylle Madulara
sining ni Mikhail Manginsay
lapat ni Jeah Dominguez

PATRIYARKA. Propeta. Pinagpala. Ganito ang paglalarawan ng Koran kay Ismael (‘Ismā‘īl sa Arabiko). Sa salaysay naman ng Biblia, hindi kay Ismael, bagkus kay Isaac, magpapatuloy ang tipan ng Diyos. Si Isaac, hindi si Ismael, ang kasama sa mga patriyarka. At ang tinitingala ng mga Muslim na propeta at panganay ni Abraham ay naging isang talababa lamang sa kasaysayang pinanghahakawan ng tradisyong Hudyo-Kristiyano.

Sa magkaibang kuwento ng magkapatid na anak ni Abraham hindi maiiwasang maiugnay ang magkaibang pananampalatayang namamayani sa Filipinas. Karaniwang tinitingnan ang salimuot ng usapin sa Bangsamoro bilang simpleng tunggalian ng kampo ng mga Kristiyano at Muslim, kung saan ang Katimugan ay entablado para sa moro-moro sa pagitan ng “Emperyong Maynila” at “Muslim Mindanao.” Ngunit tunay nga kayang ang sigalot sa Mindanao ay ukol sa pag-angal ng minoryang Muslim sa pamunuang Kristiyano? O baka naman ito’y pagbawi lamang ni Ismael sa mga bagay na kinuha ni Isaac?

TALABABA SA KASAYSAYAN

Sa pag-aaral ng kasaysayan sa elementarya, karaniwang nagsisimula ito sa “pagkakadiskubre” ni Ferdinand Magellan sa Filipinas noong 15 Marso 1521. Mahahati sa tatlo ang peryodisasyon ng kasaysayan mula roon; ito ang mga panahon ng kolonisasyon, reporma, at rebolusyon. Kapansin-pansing halos nakasentro sa Luzon at Visayas ang tagpuan ng mga malalaking pangyayari sa kasaysayang ito. Tila ba tanging sa Rebolusyon ng 1898 nagsimula ang pakikibaka para sa kalayaan, at ang kasaysayan ng Filipinas bago 1898 ay kasaysayan ng isang bansang bihag ng imperyalismo. Wala man lamang pagbanggit na kahit kailan, hindi nasakop ng mga dayuhan ang kabuuan ng Mindanao.

“May dalawa ka kasing trajektori ng kasaysayan sa Filipinas. Ang unang trajektori ay ang kasaysayan ng mga tao sa Hilaga, na hinubog ng Kanluraning tradisyong Hudyo-Kristiyano. Ito ang Luzon at Visayas. Sa kabilang trajektori ang kasaysayan ng mga tao sa Timog—na binubuo ng Mindanao at Sulu—na naimpluwensiyahan ng mga tradisyon at kabihasnang Islamiko ng Silangan,” paliwanag ni Propesor Julkipli Wadi, dekano ng UP Institute of Islamic Studies. “At hindi natin maipagkakaila na ang higit sa 300 taon ng kolonyalismo ay lumikha ng iskolarsip na may pagkiling [sa kasaysayan ng Luzon at Visayas].”

Sa dominanteng daloy ng kasaysayan, kapansin-pansin ding walang binabanggit na anumang kabihasnan bago dumating ang mga Kastila. “Kasi ang dating ng Islam sa bansa ay 1300s pa. Dalawa o tatlong siglong huli ang pagdating ng Kristiyanismo. Pagdating ng Kristiyanismo, nakatatag na sila [ang kabihasnang Moro] doon. May Sultanato ng Sulu, [ng] Maguindanao, tapos may isa pa [Lanao],” ani G. Nikki Delfin, program associate ng Gazton Z. Ortigas Peace Institute.

Ayon sa mga tarsila, dumating si Tuan Masha’ika sa Jolo noong ika-13 siglo at ipinalaganap ang Islam doon. Dumating ang misyonerong si Karim ul-Makhdum sa Sulu noong ika-14 siglo upang patatagin ang naunang pamayanang Muslim. Tinanggap niya ang titulong Tuan Sharif Awliya dahil sa kaniya umanong kabanalan. Bandang Ika-15 siglo, dumating sa Jolo si Rajah Baguinda galing sa Sumatra; nagtayo siya ng pamunuan sa lugar na naaayon sa katuruang Islam.

Ika-16 siglo nang itinatag ni Sayyid Abu

1851
Napasok ng mga Espanyol ang kabisera ng Sultanato ng Sulu. Nagkaroon ng kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaang kolonyal at ng sultanato; nauwi lamang ito sa lalong hindi pagkakaunawaan. Sa bersiyong Espanyol ng kasunduan, tuluyang binigay ng Sultan ang teritoryo sa ilalim ng kapangyarihang Espanyol. Sa bersiyong Tausug naman, naging protektorado (protectorate) lamang ng pamahalaang kolonyal ang Sultanato.

1860
Naglabas ng kautusan ang pamahalaang kolonyal na nagtatayo ng panibagong probinsiya sa Filipinas na isinama ang Mindanao at ang mga islang nakapalibot ito, kahit hindi pa talaga tuluyang nasasakop ng mga Espanyol ang kabuuan ng Mindanao.

1898
Nilagdaan ang Kasunduan sa Paris, na inililipat sa Estados Unidos ang kontrol sa kapuluan ng Filipinas, kabilang na ang Mindanao. Hindi ito kinilala ng mga Moro.

1899
Nilagdaan ng Estados Unidos at Sultanato ng Sulo ang Kasunduang Bates kung saan igagalang umano ng Amerika ang kasarinlang Moro at hindi ibibigay o ipagbibili ang Sulu sa anomang bansa. Hindi sumunod ang Estados Unidos sa kasunduan.

1903
Isinabatas ang Public Land Act No. 718, na nagpapawalang-bisa sa legalidad ng mga lupang ipinamahagi ng mga sultan, datu, at iba pang lider-etniko nang walang pahintuloy nang awtoridad; at ang Public Land Act No. 926, na nagdedeklara sa lahat ng di-rehistradong lupain na bukas sa lahat ng gustong bumili, lalo na ang mga Amerikano

1904
Pahayag ni Gobernador-Heneral Leonard Wood ng Amerika sa Sultan ng Sulu: “I am going to be frank with you. At present, you rights as a nation are nothing...”

Bakr ang Sultanato ng Sulu sa pagpapakasal nito sa anak ni Rajah Baguinda. Tinanggap niya ang titulong Sultan Sharif al-Hashim. Samantala, itinatag naman ni Shariff Muhammad Kabungsuan ang Sultanato ng Maguindanao. Nabuo naman sa Lanao ang isang kompederasyon ng mga sultanato ng mga Maranaw, na tinatawag na "Pat a Pongampong ko Ranaw."

May natatanging kultura, politika at sistema ng paniniwala—iyan ang katangian ng tatlong sultanato ng Mindanao. Bago dumating ang mga Espanyol, namumuhay na ang mga Moro nang may mga nagsasariling estado na ginagabayan ng paniniwalang Islam. At ito ang kasarinlang kanilang pilit ipinagtanggol laban sa mga mananakop. Wika ni Delfin, "Mababagsik makipaglaban ang mga mandirigma ng Mindanao. Doon nauso 'yong kris [at] kahit binabaril-baril na, talagang sugod pa rin. 'Huramentados' ang tawag sa kanila ng [mga] Espanyol."

"ISKUWATER" SA SARILING LUPA

Kung ano ang hindi nagawa ng mga Espanyol gamit ang armas, pinagtagumpayan naman ng mga Amerikano sa pamamagitan ng pangangamkam ng lupa. Bagaman hindi tuluyang nasakop ang lupain ng mga Moro, isinamang inilipat ng Espanya sa kontrol ng Estados Unidos ang kalakhan ng Mindanao. Hindi kinilala ng Amerika ang ancestral domain (karapatan sa lupa) ng mga Moro at lumad (mga katutubong hindi Muslim) at ipinagbili ang mga lupaing ito sa publiko.

"May bagong pagtingin ang mga Amerikano rito [sa mga Moro]. Sa halip na labanan sila, [ang] ginawa nila ay nagkaroon ng resettlement program. Ang mga tao mula Luzon hanggang Visayas, hinikayat na magsimula ng mga bukid sa Mindanao. Binigyan sila ng titulo at lahat ng mga dating may-ari ng lupa [mga Moro at lumad] ay hindi kinilala ng batas na ito," sabi ni Delfin.

Matapos ang pagpapawalang-bisa sa karapatan ng mga katutubo sa kanilang mga lupain magmula 1903 hanggang 1914, dumami naman ang mga lupain ng mga higanteng Amerikanong korporasyon: ang BF Goodrich noong 1919, ang Del Monte noong 1925, at ang Goodyear Tire and Rubber noong 1929. Nagpatuloy ang pangangamkam sa lupa ng mga Moro at lumad kahit nailipat na ang kapangyarihan sa mga teritoryong ito sa Republika ng Filipinas. Ang pagkakaroon ng homisted sa Mindanao kapalit ng pagsuko ang isa nga sa naging estratehiya ni dating Pangulong Ramon Magsaysay upang labanan ang mga Huk noong dekada '40.

NANINIWALA ANG MGA MORO NA MAY SOBERANYA NA SILA BAGO PA MAN ANG PANAHON NG KOLONISASYON.

Prop. Julkipli Wadi, UP Institute of Islamic Studies

"Noong mga 1900, ang populasyon [sa Mindanao] ay 70% Moro at lumad, tapos 30% settlers [mga taga-Luzon at Visayas na lumipat sa Mindanao]. Sa paglipas ng panahon, nagpalit 'yong bilang na iyan. Naging 30% Moro at lumad, tapos 70% settlers. Ito'y talagang mekanismo ng kolonyalismo para maangkin 'yong mga malalaking lupain [ng mga] korporasyong transnasyonal, ng mga panginoong maylupa, at kinalaunan, 'yong mga Huk," ani Wadi.

Ilegal sa tingin ng mga Moro ang pagbilang sa Mindanao sa mga lupaing nasakop ng mga Espanyol at Amerikano. "Naniniwala ang mga Moro na may soberanya na sila bago pa man ang panahon ng kolonisasyon," salaysay ni Wadi. Dahil dito, ang deklarasyon ng kalayaan noong 1946 ay naging hudyat ng isang bagong anyo ng kolonyalismo sa kanilang lupa. Isinama sa teritoryo ng bagong republika ang Mindanao nang "wala man lang konsultasyon, plebisito, o referendum."

SINO NGA BA ANG 'MORO?'

Sa simula, ang Moro ay hindi lamang mga Muslim sa Mindanao. "Moro" ang tawag ng mga Espanyol sa mga Turkong Muslim na naghari sa Espanya sa loob ng 700 taon. Paglilinaw ni Wadi, tinawag na "Moro" ng mga mananakop tulad ni Miguel Lopez de Legazpi ang mga Islamikong komunidad sa Maynila, partikular na ang sakop ni Rajah Soliman, dahil nakita ng mga banyaga na may kaparehong kaugalian ang mga katutubo sa mga Moro ng Espanya. Kung tutuusin nga raw, hindi sa Sulu, bagkus sa Maynila, naganap ang unang kasunduan sa pagitan ng mga Moro at mananakop—ang kasunduan ng pakikipagkaibigan nina Rajah Soliman at ng kongkistador na si Martin de Goiti.

Sa paniniwala ni Wadi, isang mabisang instrumento ng pagkontrol ng mga kolonisador ang pagpapakalat ng negatibong representasyon ng mga Moro. "Ito'y isang modang kultural ng pagpapakilala o paglalarawan sa

1905
Sinimulan ni Heneral John J. Pershing ang "Resettlment Program – Christians in Mindanao" kung saan pinalipat sa Katimugan ang mga taga-Luzon at –Visayas.

1912
Sa bisa ng Philippine Commission Act No. 2254 at No. 2280, ipinamahagi ang 16 ektaryang lupain sa Mindanao sa mga Christian settler, samantalang walong ektarya lamang ang inilaan sa mga Moro.

1924
Iminungkahi ng mga lider ng mga Moro na itanghal na "unorganized territories" ng Estados Unidos ang mga isla ng Mindanao, Sulu at Palawan, nang sa oras na palayain ng Amerika ang mga kolonya nito, maaaring makamit ng Bangsamoro ang ganap na kasarinlan.

1935
Iginiit ng Commonwealth Act No. 41 na lahat ng mga ancestral domain ay lupaing pampubliko.

1946
Sa pahintulot ng gobyerno ng Estados Unidos, isinama ang mga lupain ng mga Moro sa Republika ng Pilipinas.

1968
Naganap ang insidentang nakilala sa tawag na "Jabidah Massacre." Itinatag ni Nur Misuari ang Moro National Liberation Front (MNLF) bilang tugon.

isang grupo ng tao sa lente ng kapangyarihan, sa paraang dahil kontrolado ng estado ang media, kontrolado ng estado ang dapat isulat sa ating kasaysayan, at 'yong mga imahen, estereotipo, diskriminasyon—diyan nabuo no'ng araw 'yong negatibong imahen ng Moro," dagdag pa ni Wadi.

Kabilang sa mga itinuturing na "Moro" ang mga katutubo at etnolingguwistikong grupo ng Tausug, Samal at Jama Mapun ng arkipelagong Sulu; Panimusan at Molbog ng Palawan; Yakan ng Basilan; Kalibogan ng peninsulang Zamboanga; Maranaw at Kolibogan ng Lanao; Maguindanao, Iranun at Sangil ng Cotabato; Kalagan ng Davao; at Sama Dilaut ng Tawi-tawi.

Pagpapatuloy ni Wadi, "Noong 40s, 50s [at] 60s—panahon ng mga pensionados, mga estudyanteng Muslim na nakapag-aral dito sa Metro Manila, lalo na sa UP—ay narealisa na mayroon pala tayong sariling identidad. 'Yong mga Moro pala na lumaban noon, bakit makukuha nila itong negatibong imahen? Kaya sa halip na magkasundo na negatibo pala itong 'Moro,' binago nila ito sa isang bagay na positibo." Isa sa mga nabanggit na mag-aaral na Muslim si Nur Misuari, na tagapagtatag ng Moro National Liberation Front (MNLF).

TINITINGNAN NILA [MGA MORO] ANG SARILI NILA BILANG MGA BIKTIMA; SILA ANG KINAMKAMAN AT ANG LUPA NILA AY INAGAW SA KANILA.

Prop. Julkipli Wadi

DALAWANG MUKHA NG PAKIKIBAKA

Nagsilbing lunsaran ng kolektibong kamalayan ng mga Moro ang pangyayaring nakilala sa tawag na "Jabidah Massacre." Nagsimula ang lahat sa plano ni dating Pangulong Ferdinand Marcos noong 1968 na sapilitang agawin ang Sabah, na dating sakop ng Sultanato ng Sulu, mula sa Malaysia. Ayon kay Wadi, nangalap ng kabataang Moro sa Sulu at Tawi-tawi ang gobyerno saka ipinadala sa Corregidor para sanayin sa pakikidigma.

"Nang malaman no'ng mga sinasanay na gagamitin sila upang sakupin ang Sabah, nagprotesta sila. Sabi nila, 'Hindi namin puwedeng sakupin ang Sabah dahil ang mga mamamayan ng Sabah ay kapatid namin. Mga Muslim din sila kahit sila ay Malay.' Ang nangyari, nagkaroon ng masaker," salaysay ni Wadi. "Iyon ang nagmitsa sa mga estudyante dito sa Maynila, lalo na sa UP, na mag-alsa."

Naging tugon sa Jabidah Massacre ang pagkakatatag ng MNLF ni Nur Misuari noong 1968, at matapos ang dalawang dekada, ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) ni Hashim Salamat. Sa pagsusuri ni Delfin, layunin ng MNLF na magkaroon ng sariling estadong Islamiko—na naging padron para sa Bangsamoro.

"Ang MILF nga 'yong mas gusto pang balikan ang Islamikong ugat nila [at] tingnan kung 'yong pagbagsak ng ating [Moro] kultura ay dahil sa pagkawala ng kanilang Islamikong pinag-ugatan. Mas masasabi kong konserbatibong kilusan ang MILF kaysa MNLF," wika ni Delfin.

Hindi man tiyak ang dahilan ng paghihiwalay ng MNLF at MILF, dalawang pangyayari ang itinuturing na sanhi ng lamat sa ugnayan ng dalawang grupo. Una ang "Tripoli Agreement" na nilagdaan ng MNLF at ng administrasyong Marcos noong 1976. Dito iniwan ng MNLF ang pakikipaglaban para sa malayang estado; sa halip, pumayag ang MNLF sa isang autonomong rehiyon sa Mindanao na kinikilala pa rin ang soberanya at territorial integrity ng Republika ng Filipinas. Ang problema nga lang, hindi sinunod ni Marcos ang kasunduan.

Isa ring dahilan sa hidwaan ng MNLF at MILF ang naging kasunduan ng gobyerno at MNLF noong 1996. Sa kasunduang ito, pinagtibay ang Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) kung saan naging gobernador si Nur Misuari, ang tagapangulo ng MNLF. Sa mata ng ilang Moro, isang palpak na eksperimento ang ARMM. "Kung titingnan mo, masyado silang naiwan. Ito'y nasa mga pag-aaral tulad ng Human Development Index; ito'y nasa Philippine Human Development Report no'ng 2005, at marami pang pag-aaral. Ang kabuuan nito ay, lalong lalo na 'yong ARMM, makikita mo na nasa ilalim ng economic ladder sa halos lahat ng nangungunang batayan, tulad ng literacy, empleyo, kahirapan, edukasyon, at iba pa," sambit ni Wadi. Sa kasalukuyan, sa 17 rehiyon ng Filipinas, ang ARMM ay ang may pinakamalaking porsiyento ng kahirapan na pumapalo sa 55.3% noong taong 2006.

MGA KAHINGIAN SA KAPAYAAN

1976
Nagkaroon ng negosasyon sa pagitan ng MNLF at ng gobyerno, na pinasinayaan sa Libya. Pinirmahan ang Kasunduang Tripoli ("Tripoli Agreement") sa tulong ng Organization of Islamic Conference. Isinasaad sa kasunduan ang pagbubuo ng Autonomous Region for Muslims in Southern Philippines na kabibilangan ng Basilan, Sulu, Tawi-tawi, Zamboanga del Sur, Zamboanga del Norte, North Cotabato, Maguindanao, Sultan Kudarat, Lanao del Norte, Lanao del Sur, South Cotabato, at Palawan.

1977
Nilabag ng gobyerno ang kasunduan na nagbunga sa pagkakahati ng MNLF. Kumulas sa kilusan ang grupo ni Hashim Salamat.

1984
Pormal na nabuo ang Moro Islamic Liberation Front (MILF).

1986
Nagkaroon ng kasunduang tigil-putukan sa pagitan ng administrasyon ni Corazon Aquino at ng MNLF.

1991
Binuo ang ARMM sa pamamagitan ng Republic Act No. 6734, o "An Act Providing for an Organic Act for the Autonomous Region in Muslim Mindanao."

May hidwaan man sa MNLF at MILF hanggang sa kasalukuyan, kapuwa nagtatagpo ang dalawang grupo sa isang paninindigan: nararapat igalang ang karapatan sa self-determination ng mga Muslim ng Mindanao.

"Ang konsepto ng self-determination [ay] nakapasok siya sa UDHR (Universal Declaration of Human Rights) na ang isang grupo ng mga tao ay may karapatang ipaglaban ang karapatan, ang kanilang pagsasarili sa pamahalaan, lalo na 'yong mga grupo na may naitatag na estado—may tao, may teritoryo, at saka may sistema sila ng pamamahala," paliwanag ni Beverly Orozco ng Generation Peace Youth Network, Philippine Action Network to Control Arms, at ng Gaston Z. Ortigas Peace Institute. Aniya, dito nagsimula ang konsepto ng Bangsamoro: "Dalawang salita kasi iyan: 'bangsa-' na tumutukoy sa isang estado at '-moro' na [patungkol] sa tao nila."

Pangunahing kahingian sa kapayaan, sa paningin ni Orozco, ang paggalang sa karapatan sa pagsasarili ng Bangsamoro. "'Yong problema din kasi sa ARMM: ang katiwalian sa implementasyon ng kasunduan at 'yong paghawak ng mga departamento na nasa ARMM. Ang gusto din nila—di ba may mga Shariah courts? 'Yong self-governance nga ng mga Moro, na sa ilalim ng batas Shariah [iaayon] ang pananalapi, 'yong mga usaping pautang, Islamic banks. Tapos, kung paano nila lulutasin ang mga kasong kriminal," pahayag ni Orozco.

Inisa-isa pa niya ang ilan sa mga hinihingi ng mga nakikibakang Muslim sa Mindanao: ang pagkilala sa ancestral domain ng mga Moro at lumad na nawala sa kanila noong pinairal ang resettlement program; ang pagsasaayos sa hatian ng buwis na nakukuha sa paglinang ng mga likas-yaman sa Mindanao, kung saan malaking bahagdan ang mapupunta sa ARMM; at ang pagtatama sa historikal at kultural na diskriminasyon laban sa mga Moro ng Mindanao. "'Yong bagong proposal din, isa doon pa ang hinahabol nila e 'yong Truth Commission, parang pagbibigay ng katarungan sa mga biktima ng sigalot," dagdag pa ni Orozco.

KAILANGAN NATING MULING HAKAIN NA ANG FILIPINAS AY HINDI ISANG TANGING KATOLIKONG BANSA SA ASYA. ISA ITONG MITO. TAYO AY MAY BANSA SA LOOB NG ISANG BANSA. KAILANGAN NATING MULING HAKAIN ANG ATING MGA SARILI BILANG BANSA NA MAY DIBERSIDAD NG ETNISIDAD.

Nikki Delfin

BANSA SA LOOB NG BANSA

Sa isang bansa na litson ang pambansang pagkain at mga madreng nagrorosaryo sa EDSA ang imahen ng pagkakaisa, tunay ngang mahirap ang makibagay lalo na sa isang Moro. Gayundin, para sa isang dimalay sa kasaysayan ng pakikibaka ng Bangsamoro, napakadaling ituring ang kanilang pakikipaglaban bilang simpleng karahasan at pagpapakalat ng kaguluhan.

"Ngunit hindi ganito tinitingnan ng mga Moro ang sarili nila. Tinitingnan nila ang sarili nila bilang mga biktima; sila ang kinamkaman at ang lupa nila ay inagaw sa kanila," iginiit ni Wadi. "Kung hindi nila gagawin iyon, darating ang panahon na wala nang espasyong matitira para sa mga mamamayan ng Bangsamoro. Makikita mo siguro sila na nagkalat sa iba't ibang bahagi ng bansa; mga 'iskuwater' sa sariling lupa."

Panawagan naman ni Delfin, "Kailangan nating muling hakain na ang Filipinas ay hindi isang tanging Katolikong bansa sa Asya. Isa itong mito. Tayo ay may bansa sa loob ng isang bansa; may daan-daang wika; may daan-daang iba't ibang kultura. Kailangan nating muling hakain ang ating mga sarili bilang bansa na may dibersidad ng etnisidad."

Nakapaloob sa konsepto ng self-determination na walang iisang mukha ang kahit aling lipunan. Sa kahit ano pa mang pamayanan, may pag-iiba ng paniniwala at may pag-iiba rin ng pamumuhay at tunguhin. At sa isang bansa na itinuturing ang sarili na demokrasya tulad ng Filipinas, nararapat lamang na igalang ang dibersidad ng isang lipunan kung saan lahat ng mamamayan, anuman ang kaniyang pananampalataya o paniniwala sa buhay, ay natatamasa ang biyaya ng pag-unlad ng bansang kaniyang kinabibilangan.

Dahil sa pagbuo ng isang makatao at makatarungang lipunan, walang mayorya at walang minorya. Walang nangingibabaw at walang naiiwan.

1994
Tinipon ni Abdurajak Janjalani ang ilang lumang kasapi ng MNLF at binuo a ng Abu Sayyaf Group (ASG). Orihinal na layon ng grupo ang isang malayang Islamikong estado sa Mindanao; kinalaunan, naging bandidong grupo ang Abu Sayyaf.

1996
Sa ilalim ni Pangulong Fidel Ramos, nilagdaan ng MNLF at gobyerno ang "general cessation of hostilities."

2000
Nagdeklara si dating Pangulong Joseph Ejercito-Estrada ng "all-out war" laban sa MILF.

2001
Nagkasundo ng tigil-putukan ang kampo ng MILF at bagong administrasyon ni Gloria Macapagal Arroyo. Magkagayon,, nagkaroon pa rin ang ulat ng mga armadong komprontasyon.

2004
Pormal na nagsimula ang usaping pangkapayapaan ng MILF at gobyerno. Sinimulan ang paggawa ng burador ng Memorandum of Agreement on Ancestral Domain (MOA-AD) na magtatatag ng Bangsamoro Juridicial Entity.

2008
Nagpalabas ng temporary restraining order ang Korte Suprema sa MOA-AD. Kalaunan, idineklara ang kasunduan na di-naaayon sa Konstitusyon.

2012
Nanumbalik ang pormal na negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng MILF at gobyerno sa Kuala Lumpur, Malaysia.

HUSTISYA PARA SA O LABAN SA BATANG FILIPINO?

nina Leslie Mendoza,
Virna Guaño at Eliza Sallao
sining ni Jeudi Garibay
lapat ni Geneve Guyano

Ang usapin ng CICL at ng Juvenile Justice and Welfare Act. Ano nga ba ang problema sa batas na ito? Edad lamang ba ang problema?



Bawat Filipino, sa pagkapanganak pa lamang, ay mayroon nang mga karapatan. Karapatan ng isang batang Filipino na maproteksiyunan ang kaniyang dignidad, at maipagtanggol ang kaniyang katauhan ng mga taong nakapaligid sa kaniya. Karapatan niyang mabigyan ng edukasyon at maproteksiyunan laban sa diskriminasyon. Karapatan niyang maranasan ang karampatang antas ng pamumuhay na natutugunan ang kaniyang mga pangangailangan, pisikal man o hindi. Karapatan niyang maalagaan hanggang sa maging isang responsableng mamamayan.

Nakasaad ang mga karapatang ito sa United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC) na may layong proteksiyunan ang kabataan sa iba't ibang panganib. Nanggagaling ito sa pagtatayang wala pang kakayahan ang mga bata upang gawin ito para sa kanilang sarili. Ngunit papaano kung ang mga ang kinikilalang 'tagapagtanggol' ang nangangailangan ng pagtatanggol mula sa sa mga bata? Papaano naman kapag ang tagapagtanggol ang siyang nagtutulak sa mga bata na abusuhin ang kanilang pribilehiyo at labagin ang batas? Higit pa, sa dalawang pagkakataong nabanggit, masasabi bang may pag-asa pang maaasahan mula sa kabataang Filipino?

Ang tanong na ito ang kinakaharap ng "children in conflict with the law" (CICL) o mga batang may suliranin sa batas na inaasahang matutulungan ng R.A. 9344 o mas kilala sa pangalang Juvenile Justice and Welfare Act (JJWA). Ngunit limang taon matapos maisabatas ang JJWA, tila isang panibagong laban na naman ang kinakaharap ng mga nagsulong ng orihinal na batas at mga tagapagtaguyod ng mga CICL. Sa gitna ng mga balita ng pagtaas ng kriminalidad at modus operandi tulad ng "bukas taxi" at "hamog boys," na kinabibilangan ng mga menor de edad, lumalakas ang panawagang enmiyendahan ang R.A. 9344.

Hindi umano nagiging epektibo ang JJWA sa pagpapababa ng mga ganitong kaso, bagkus pinapalakas pa raw nito ang loob ng mga kabataang lumalahok sa krimen dahil na rin hindi sila maaaring makulong sa gagawin. Ilan lamang sina Rep. Pablo Garcia ng ikalawang distrito ng Cebu, DILG Secretary Jesse Robredo, Pangalawang Pangulo Jejomar Binay at Senador Francis Escudero sa sumusuporta sa mga pagbabago sa batas, partikular na sa pagtatakda ng minimum age of criminal responsibility (MACR). Isinusulong na babaan sa siyam na taong gulang (9) mula sa naunang 15 ang MACR nang sa gayon ay mapaursahan ang mga kabataang nasa 'wastong edad' na.

Ang pinakamalaking tanong ay: Edad lamang ba ang problema sa batas na ito?

'BATA' SA SELDA: PAGSULONG SA KARAPATAN NG CICL

Naisabatas ang R.A. 9344 o Juvenile Justice and Welfare Act, (JJWA o "JJ Law.") noong Abril 2006. Ayon kay Ma. Victoria Diaz, dating may katungkulan sa Juvenile Justice Network at Juvenile Justice Welfare Council, at kasalukuyang Project Officer ng John J. Carroll Institute on Church and Social Issues, mahigit isang dekada ang itinagal ng pagsusulong sa pagsasabatas ng JJWA.

"Higit limang kongreso na iyong lumipas, wala pa rin," ayon kay Diaz. Dahil dito, napagdesisyunan ng gobyerno at ng ilang mga NGO na magsanib-puwersa para sa pagpapasa ng batas na ito. Paliwanag niya, "Bukod sa may pangangailangan [para sa JJWA], walang ahensiya ng gobyerno na tumitingin sa mga CICL in compliance with UNCRC na ang Filipinas ay signatory mula 1990 [o] 1989. Naisip nila, 'yong Council for the Welfare of Children, UNICEF, Consuelo Foundation, Save the Children Plan at iba pa, na mag-consolidate."

Malaki rin ang naitulong ng media upang bigyang-priyoridad ang noo'y panukalang-batas. Ayon sa Seeds of Hope, isang publikasyon ng Catholic Organization for Relief and Development Aid (Cordaid) na isa sa mga NGO na sumuporta sa R.A. 9344, itinala ng United Nations Children's Fund na may 4,000 CICL ang nakakulong sa Filipinas. Dumating pa sa punto na ipinalabas sa CNN ang kalunos-lunos na kalagayan ng mga kabataang ito kasama ng mga karaniwang preso.

Bunsod noon, naging aktibo sa pagtuligsa ang iba't ibang children's rights groups at iba pang sektor ng lipunan sa kalagayan at kawalan ng atensiyon sa usapin. Hindi naglaon, walang pagtutol na ipinasa ng Kongreso ang panukalang-batas.

BATA, GAANO BA KATANDA? PROBLEMA SA MACR

"Nakakagulat ano, na ang pinakabatang nakilala ko sa Bilibid ay sampu, mag-e-11 so parang anong ginagawa ng 11-year old boy sa isang national penitentiary? Una, akala ko anak siya ng mga bilanggo, tapos bakit hapon na di pa umuuwi? Kasi sa Bilibid 'pag dating dapat ng 3 o'clock, wala nang mga dalaw," pagbabahagi ni Diaz sa karanasan niya sa pakikipag-ugnayan sa New Bilibid Prison para sa programa ng pagbababad (immersion program) ng mga Atenista.

Ang usaping ito tungkol sa edad ang karaniwang tutok ng diskusyon para sa pag-enmiyenda at pagsususpinde sa JJWA. Nakapaloob kasi sa batas na ito kung maaaring papanagutin ang isang menor de edad at kung ano ang kahulugan ng pagpapanagot na ito ayon sa tinukoy na edad. Kapag 15 taong gulang pababa ang bata, wala siyang pananagutan sa batas liban na lang sa pagsailalim sa programa ng rehabilitasyon. Kapag nasa 15-18 taong gulang na ang bata at mapatunayang alam nilang mali ang kanilang ginawa o sila ay may discernment, kailangan nilang mahatulan sa korte at gaya ng nauna, dumaan sa programa ng pamahalaan.

Nito lamang Setyembre 2011, lumakas muli ang pagbatikos sa tamang edad ng responsabilidad para sa mga bata. Kabilang si Pablo Garcia ng ikalawang distrito ng Cebu sa nagpasa ng kaniyang House Bill 2894 sa Kongreso, na siyang naglalayong pababain ang minimum na edad ng pananagutan sa batas. Sa isinusulong na batas ni Garcia, hinati sa tatlong pangkat ang kabataan: ang mga children at risk, children in conflict with the law at ang mga youthful offenders.

Ang mga batang wala pang 12 taong gulang ay ibinibilang sa children at risk. Hindi sila mananagot sa batas kung susundan ang panukala. Sa kabilang banda, papasok ang

SA PANAHON NG INTERNET NGAYON, MAS MARAMI NANG ALAM ANG BATA NGAYON KAYSA SA BATA NOON.

Senador Francis Escudero

usapin ng discernment, kapag nasa edad 12 hanggang 15 na ang bata. Ang mga tinatawag namang youthful offenders ang may gulang na hindi bababa ng 15 at hindi tataas sa 18 kapag sinampahan sila ng murder, parricide, homicide, kidnapping, rape, robbery, drug trafficking o iba pang mga krimeng may sentensiyang 12 taon pataas. Papanagutin sa batas ang huling pangkat ayon sa probisyon ng Child and Youth Welfare Code o Presidential Decree 603.

Itinutulak niya ang pagpapababa sa MACR sa sampung taong gulang mula 15, dahil sa pagtaas ng bilang ng mga krimeng kinasasangkutan ng mga menor de edad. Ani Garcia, patunay ng pangangailangan dito ang pagdadala ng mga youth offenders sa kaniyang distrito ng birth certificate. Gamit ang kasalukuyang batas, nakaiiwas ang mga kabataan sa pananagutan sa ginawang krimen, kaya suportado umano siya ng kaniyang lokal na pamahalaan sa panukalang ito.

Pagsususpinde naman sa JJWA ang panawagan ni Senador Francis "Chiz" Escudero dahil sa kawalang kakayanan ng pamahalaan na ipatupad ang mga kahingian ng batas. Kulang ang rehabilitation centers na tatanggap sa mga CICL at youth offenders at napipilitang pakawalan ang mga batang delingkuwente dahil sa pagkukulang na ito. Paniwala rin niya ay kailangang ibaba ang MACR mula 15 taong gulang sa siyam. Aniya, "Sa panahon ng Internet ngayon, mas marami nang alam ang bata ngayon kaysa sa bata noon."

Bagama't wala pang pormal na pahayag si Pangulong Noynoy Aquino sa usaping ito, masugid na tagasunod naman ng mga rebisyon sa nasabing batas si Pangalawang Pangulong Jejomar Binay, lalo pa't karamihan sa mga CICL ay sangkot sa mga krimen tulad ng rape at paggamit at pagbebenta ng ipinagbabawal na gamot. Aniya, "I believe it is just right to suspend or amend the law," sa isang panayam noong 28 Setyembre 2011, bilang ang pag-abuso rin ng mga sindikato sa kabataan ang isa sa pinakamalaking sakit ng kaniyang ulo noong siya'y alkalde pa ng lungsod ng Makati.

PANG-UNAWA: ANG TUNAY NA UGAT NG PROBLEMA

"Kita mo, mito talaga 'yan, isa siyang alamat o kung anuman ang tawag diyan. Unang-una, hindi madaling kumuha ng birth certificate. Ako noon, sumusulat pa ko sa NSO administrator para makahingi ng birth certificate para sa mga CICL. So ngayon, ang sinasabi nila, mayroon nang baon iyong bata sa bulsa niya na birth certificate. O ito! Ito! Menor de edad pa ko!" mariing iginiit ni Diaz patungkol sa mga claim na nagpapatunay umano sa pagmamalabis ng kabataan sa JJWA.

Ang pagtuon umano ng mga kritiko sa minimum age of criminal responsibility ang siyang nagiging dahilan kaya nakakaligtaang bigyan ng pansin ang pinakamahalagang katangian ng batas: "Isa siyang preventive measure sa pamamagitan noong Comprehensive National Juvenile Intervention Program na ang layon ay mapigilan 'yong juvenile offending at juvenile delinquency sa mga nibel ng barangay." Paliwanag ni Diaz, hindi lamang para sa CICL ang JJWA kundi para rin sa mga sinasabing "children at risk," batang may predisposisyon sa buhay ng krimen, tulad na lamang ng mga batang lansangan.

SA PANAHON NG INTERNET NGAYON, MAS MARAMI NANG ALAM ANG BATA NGAYON KAYSA SA BATA NOON.

Senador Chiz Escudero

Nariyan din ang paniniwalang wala nang pananagutan sa batas ang CICL sa ilalim ng Juvenile Justice and Welfare Act. Ayon kay Diaz, "Sinasabi ng batas na ito na definitely, accountable pa rin ang mga bata... Accountable pa rin siya [ngunit] hindi sa existing criminal justice system kung hindi sa juvenile justice and welfare system. Una, kahit anong kaso naman, meron kang criminal saka mayroon kang civil liabilities. Dito sa batas na ito, meron ka pa ring civil liability, so ang nawawala lang [ay criminal liability] 'pag 15 years old ka."

"Kapag above 15 but under 18, depende; kung una, malaman na you acted with discernment at ang penalty mo ay six years up, mayroon ka pa ring court proceedings pero sinasabi dito [RA 9344], hindi ka ikukulong [kundi] ilalagay ka o dadaan ka sa diversion program," pagtutol ni Diaz. Tila ang tunay na problema ay ang kawalan ng pang-unawa sa kabuuan ng RA 9344 at ang saradong panghuhusga sa mga CICL ng karamihan sa taong-bayan. "Kailangan mong pag-aralan ang pagtingin ng tao. Papaano ba nila tinitingnan, papaano ba natin pinahahalagahan ang mga kabataan ngayon? Kung hindi ka maglalaan para sa kanila, kapag nagkasala iyong bata, end of the world na," paliwanag ni Diaz.

Marami sa mga kritiko ng batas ay nabanggit ang paggamit ng mga kriminal na organisasyon ng mga bata upang maisagawa ang kanilang operasyon. Ngunit sa pag-aresto at paghatol sa CICL ay hindi masusugpo ang sindikato. Hahanap lamang ang mga iyon ng iba pang maaari nilang mahikayat na kabataan.

Paliwanag ni Kalihim Leila de Lima ng DOJ sa forum ng DSWD at DOJ na may temang "Understanding the Children in Conflict With the Law" noong Oktubre 2011, "Kung ang mga sindikato ang itinuturing na problema, hindi ang pagpapababa sa edad [ng pananagutan] o ang pagpiit sa mga bata ang solusyon. Higit na madaling gawin ang pag-aresto at pagpapakulong sa mga bata kaysa subukang panagutin ang sindikato. Higit na mabilis iyon kaysa sa pagbibigay ng programa at sistemang pipigil sa kanila sa paglabag sa batas, ngunit hindi nito matutugunan ang sanhi ng paglabag."

Inilarawan ni Diaz kung ano ang kahulugan ng labis na pagtuon sa usapin ng edad sa batas, "Parang na-focus doon sa age of criminals, sindikato. Totoo namang may sindikato, totoo namang minsan ginagamit sa akyat-bahay kasi mas maliit ang bata, shinu-shoot siya sa bintana pero ginamit nila iyong bata, siya [ang bata] pa rin ulit [ang naparusahan]," sambit ni Diaz.

Tingin naman ng pangunahing may-akda ng JJWA na si Senador Francis Pangilinan, wala sa gulang ng bata at sa mga kriminal ang problema kung hindi dahil sa kawalan ng pang-unawa sa tunay na konteksto ng batas ng mga taong malaki ang papel sa pagpapatupad ng batas. Hindi pa umano nakatulong ang kawalan ng pondo upang ipatupad ang batas, lalo pa't sa administrasyon lamang daw ni Pangulong Noynoy Aquino naglabas ng salapi para sa JJWA.

MAALAM: KAPASIDAD NGA BA ANG KAALAMAN?

Sa kabila ng kalayaan ng mga kabataan na umalam gamit ang iba't ibang uri ng teknolohiya, maituturing nga kayang may kapasidad ang kabataan, at kung gayon, may pananagutan? Kung pagbabatayan ang paniwala nina de Lima at Pangilinan, biktima pa rin ang CICL at pagtulong sa kanila ang akmang tugon. Ani Diaz, kung kaya na niyang pag-ibahin ang tama sa mali gamit ang natutunan, "Alam niya ba ang implikasyon ng kaniyang mga ginagawa?"

Aniya, "Oo, siguro nga may access kasi nakakarinig ng radyo, ganiyan, ng TV, pero napoproseso ba nila itong mga impormasyon na ito? Nagagabayan ba sila ng kanilang magulang sa pagpoproseso ng impormasyon na ito? Innate ba or inherent or natuturuan ba sila ng ating edukasyon or sistema ng edukasyon sa pagproseso ng impormasyong ito o hanggang impormasyon na lang na 'pag nakakita sila [halimbawa] ng porn?"

Idinagdag pa ni Diaz na maaaring ituring na indikasyon ang pakikilahok ng kabataan sa krimen ng iba't ibang pangangailangang kailangang tugunan. "Iyong usapin ng juvenile delinquency o juvenile offending, sintomas iyan ng mas malaking problema—dysfunctional family, iyong mga values natin, may breakdown, iyong hindi napoproteksyunan, hindi natuturuan iyong mga bata."

PAGBABAGO AT PAGTUTUWID: ANG PRINSIPYO NG RESTORATIVE JUSTICE

Sa kabila ng pagsagot sa kritisismo ng JJWA, inamin ni Diaz na may ilang aspekto pa ang batas na maaari pang mapagbuti, ngunit ang kinatatakutan ng karamihan sa mga tagasuporta ng batas ay maging "Pandora's box" ang pagsasagawa ng mga rebisyon sa JJWA. "[Sa palagay ko], may mga gaps ang law. Wala naman talagang perpektong batas, okey? Ako, talagang nakita ko: 'Ay! Hindi namin nakita iyon!'"

Ayon kay Diaz, pinakamalaking puwang sa batas na ito ang aspekto ng restorative justice. Ito umano ang dapat na nagpapausad na prinsipyo sa pagpapatupad ng batas dahil nga rehabilitasyon ang layon nito at hindi persekusyon. "Kailangan iyon. Parang paradigm shift ito e. Kasi ang una nating tingin ay 'pag nagkasala, mula tayo sa punitive [point of view] na parang 'pag nagkasala—kulong."

Maraming balakid sa pagpapatupad ng JJWA, kabilang na ang kakulangan ng pondo sa pagtatayo ng mga rehabilitation centers para sa mga CICL at ang inklinasyon ng lipunan na husgahan ang mga napapabilang sa krimen. Gayunman naniniwala si Diaz na "marami pa itong puwedeng gawin."

Kailangan umanong makita natin ang iba't ibang aspekto ng pagpapatupad, kabilang



WALANG PUWANG ANG ISANG BATA SA KULUNGAN.

Bing Diaz ng JJCICSI

na ang pagsali ng lipunan sa paghulma sa talakayan tungkol sa juvenile justice. Aniya, hindi dapat humusga ang madla ayon sa haka-haka at maling pagbabalita. Hindi rin umano makatwiran na tasahin ang isang batas na hindi pa naman naipatutupad nang husto. Napakarami pang dapat gawin.

Kailangan din na makilala ng mga pangunahing kasangkot sa pagpapatupad na nasasakanila ang malaking bahagi ng ikatatagumpay ng JJWA. Para kay Diaz, "[Bilang] miyembro ng iba't ibang samahan [na nakikilahok sa usapin], tingin ko talaga ang tagumpay niyon ay [nakasalalay] sa lokal na pamahalaan— 85% nasa kanila. Kailangang [nilang] pagtuunan ng pansin ngayon [ang] pagtulong [sa mga CICL], at pagpapalakas sa kapasidad at kakayahan ng mga pangunahing stakeholder at tagapapagtaguyod niyon para maipatupad nang maayos ang batas."

Maliwanag kung gayon na hindi simple ang usapin ng Juvenile Justice. Gaya na rin ng pahayag ni Diaz, " Ito'y sintomas [lang]. Dapat sagutin natin iyong ugat—sintomas siya ng mas malaking problema." Naririyan ang batas nang sa gayon ay mapigilan at maiwasan ang pahamak na maaaring idulot ng krimen sa mga menor. Maituturing na proteksiyon ang batas para sa lipunan at higit sa lahat, sa mga batang maaaring may kapasidad na makibahagi sa kanilang ikapapahamak."

Para sa mga tagapagtaguyod ng Juvenile Justice and Welfare Act gaya ni Diaz, "Walang puwang ang isang bata sa kulungan." Mapagtatalunan ito at kung nakalalamang ang kabutihan ng mga menor o ng nalalabing bahagi ng lipunan. Ngunit magkakasundo marahil ang tao sa ganitong paniwala; hindi dapat ito ang kahantungan ng batang Filipino.

PAGLAHAD PAGLADLAD PAGLIPAD

Isang Sipat sa Kalagayan at Kinabukasan ng Panitikang Homosekswal sa Filipinas.

nina Charlene Tolentino, Manuel Mendoza at Iman Tagudiña
sining ni Sam Santos
kuha Matthew Dumlao
lapat ni Jeah Dominguez

BADING, lesbiana, tomboy, bakla—ilan lamang ito sa mga katawagang ginagamit upang makilala silang mga maituturing na may pinakamakukulay na personalidad sa ating lipunan—ang mga homoseksuwal. Dala na rin marahil ng kanilang natatanging kalagayan sa lipunan, isang mayaman at bukod tanging kultura ang nabubuo sa mga komunidad ng mga homoseksuwal, na siya namang pinatutunayan ng kanilang unti-unting paglutang sa ating pambansang kamalayan.

Silang mga lalaki na nagdadamit babae, o 'di naman kaya'y mga babae na tila lalaki ang asta at tindig. Bagaman dumarami na sa mga lesbian, gay, bisexual, at transgender (LGBT) hayagan ang pagyakap sa kanilang piniling oryentasyong sekswal, marami-rami pa rin naman ang mga pumipili na itago ito, dala na rin marahil sa hiya at takot na karaniwang bunga ng katotohanang hindi buo ang pang-unawa at pagtanggap ng lipunan sa kanilang kalagayan.

Totoong malaki na nga ang pagbabago sa tugon ng lipunan sa sitwasyon ng homoseksuwalidad mula noon hanggang ngayon. Para sa marami sa atin, ang homoseksuwalidad ay tunay nang pangkaraniwan at kinikilalal na ngang isang katotohanang hindi dapat talikuran. Ngunit paano naman ang nalalabing bahagi ng ng populasyon na pinanghahawakan pa rin kumbensiyonal na paniniwala ukol sa mga LGBT? Kasabay ng pagkilala sa homoseksuwalidad bilang isang natural na kaganapan ang tila hindi na rin maiiwasang pagtuligsa sa mga "tibo" at "bakla." Maliban sa nakasanayan nang panunukso, nariyan din ang mga mas malalalim pang usapin gaya ng diskiriminasyon sa trabaho at ang patuloy na debateng relihiyoso.

Tunay na matindi ang talaban ng dalawang magkasalungat na pananaw sa homoseksuwalidad. Gaya ng marami pang di-pangkaraniwang katangian ng mga homoseksuwal, isa marahil ang patuloy na talabang ito sa mga nagbibigay-buhay sa mayamang kultura ng LGBT.

TENSIYON ATENSIYON

Ang patuloy na tensiyon ngang ito sa marahil ang nagdala sa LGBT sa atensiyon ng publiko. Isang malaking salik na marahil dito ang pagkakaroon ng mga diskurso sa pagtanggap ng kanilang "bagong" kultura. Sa pag-usbong ng mga pag-aaral sa kulturang ito, kasabay din ang isang uri ng paglaya mula sa mapanghusgang lipunan.

Hindi gaya ng dati na sarado pa ang isip ng marami sa usapin ng tinaguriang ikatlong kasarian, mas bukas na ngayon ang lipunan dahil sa pagiging laganap nito sa kapaligiran, partikular na lang sa media. Ngunit sa mga ganitong pagkakataon, hindi rin maiiwasan ang pag-estereotipo o pagkahon ng publiko sa mga homoseksuwal. Patuloy ang pagkutya sa mga ito dahil sa kanilang pagiging kakaiba at hindi pangkaraniwang kultura gaya ng sa pananamit at pananalita.

Mula sa makulay na pagladlad ng mga homoseksuwal sa ating mundo, hanggang sa masalimuot na pamumuhay sa isang lipunang hindi pa sila handang tanggapin, unti-unting nagkaroon ng liberasyon dahil sa pag-usbong ng panitikang para at mula sa kanila.

PAGYABONG AT PAG-USBONG NG PUNLA

Bago pa man dito sa atin, umuusbong na ang panitikang homoseksuwal sa ibang bansa. Ngunit, dito sa Filipinas, noong 1994 lamang nagsimulang umusbong at yumabong ang panitikang ito. Isa sa mga nagpasimula ng rebolusyong ito ay ang paglalathala ng isang antolohiya ng mga gay writing, ang Ladlad.

Ladlad pagsasamahan ng dalawang manunulat na sina Dr. Danton Remoto, chairman emeritus ng Ang Ladlad na siyang pangunahing partido ng mga lesbian, gay, bisexual, at transgender (LGBT) sa bansa, at Dr. J. Neil Garcia, kasalukuyang nangungunang iskolar sa pag-aaral ng gay literature sa bansa. Sa pagpapalathala ng naturang aklat, ninais mapunan ang puwang para sa mga homoseksuwal sa panitikan ng bansa. Lumikha sila ng lente kung saan maaring makita ng mambabasa ang buhay hindi lamang ng isang bading, kundi bilang isang bading. Ika nga ni Remoto, "Sinipa ng Ladlad ang nakasarang pinto ng pagsusulat ng lesbian, gay, bisexual, transgender sa Filipinas."

Ngunit, bago pa man mailathala ang Ladlad, may ilan nang akdang nagtatampok rin ng mga homoseksuwal. Kaya nga lamang, ang karamihan sa mga ito ay ginagawang katawa-tawa ang mga bading, lalo na kung ito'y tekstong popular. Ang ilan naman, mas pinipiling magsulat tungkol sa bading gamit ang punto de bista ng isang kaibigan o tagamasid – hindi sa katauhan ng isang homoseksuwal mismo. Isa si Tony Perez, kilalang manunulat ng Cubao series, sa mga manunulat na ito. Sa kaniyang librong Cubao 1981, ang pangunahing tauhan ay isang sex worker na siyang naglalahad ng kaniyang mga naging karanasan sa trabaho, lalo na sa mga karanasan niya kasama ang mga bading. Inilathala noong 1991, maaaring ito ang una sa mga akdang pampanitikan na matatawag nating gay literature. Sa kabilang banda, ang koleksiyon ng mga tula ni Garcia na pinamagatang Closet Quivers na inilathala naman noong 1992, ang unang akdang pampanitikang gumamit ng lenteng hindi lamang nakatuon sa mga bading, kundi isang lenteng hawak ng isang bading.

Ayon kay Remoto, nahirapan silang kumuha ng mga manunulat na magpapasa ng kanilang katha sa Ladlad. Aniya, "Sabi [ng mga matatandang manunulat], masisira ang karera namin' pag nagladlad kami ngayon." Wala silang nagawa kundi pumunta sa mga batang manunulat at sa kanila humingi ng mga maaaring isama sa antolohiya.

Nagbunga ang paghahanap at natapos ang unang libro ng Ladlad at inilathala noong Abril 1994. Matapos ang isang buwan, nauubos ang 2000 kopya ng libro at kinailangan nang mag-imprenta ng bago. Naikwento ni Remoto, "Sabi noong mga tindera, 'Sir nagulat nga kami kasi mga macho, ang lalaki ng katawan, makapal pa sa bigote mo, lalapit, 'Miss, do you have Ladlad?'"

SINIPA NG LADLAD ANG NAKASARANG PINTO NG LESBIAN, GAY, BISEXUAL, TRANSGENDER WRITINGS IN THE PHILIPPINES.

Dr. Danton Remoto

Nagkaroon ng lamat sa pagiging konserbatibo ng mga Filipino, at sa lamat na ito tumubo ang binhi ng panibagong anyo ng panitikan sa Filipinas.

"Siya [ang] pangalawang hangin sa liberasyon ng Panitikang Pilipino sa aspeto ng kasarian," pagpapatuloy ni Remoto. "Una 'yong Feminine Literature, pangalawa 'yong LGBT." Dagdag pa rito, hindi nagpatali sa wikang Filipino ang mga patnugot. Tumanggap sila ng mga kathang nasa wikang Ingles, Ilonggo, Ilokano, at maging mga katha na mula sa ibang bansa na isinulat ng mga Filipino.

Dahil dito'y naging posible ang pagpapakita sa iba't ibang mukha ng mga homoseksuwal. "Hindi lang 'yan ang bading," dagdag ni Remoto. "Ang ginawa ng Ladlad sa aming mga libro, bukod sa mga pakikipanayam, ipinakita na ...maaari mong makita ang ang bading sa lahat ng aspeto ng buhay ng Filipino, hindi lang sa showbiz at sa beauty parlor na nakakahon."

Matapos nito, sumigla ang mga pagkilos ng LGBT. Tila nakakuha sila ng lakas ng loob na 'magladlad' nang magsimula ang tagumpay ng antolohiya. Nagkaroon ng mga magasin, dyaryo, at palabas na nagtatampok ng mga homoseksuwal. Nagsimula ang unti-unting pagkamulat ng lipunan mula sa mga konserbatibo nitong pananaw. Ang patunay sa patuloy na pagbubukas ng isip ng mga Filipino ay ang patuloy na pagtangkilik sa mga aklat katulad ng Ladlad 1-3.

"Gaya [ni Jose Rizal], nagsimula kami sa panitikan," ani Remoto. "Iyon iyong pundasyon at ugat ng bukal—ang pagsibol."

MGA LIMITASYON NG LAYA

Labas sa karaniwan at nakasanayan ng konserbatibong Filipinas ang gay literature kaya't hindi na rin nakapagtataka na ito'y walang sensura.

Inilathala ng Anvil Publishing House ang Ladlad. Ayon kay Remoto wala namang naging problema sa palimbagan bukod sa pabalat ng mga antolohiya. Halimbawa, sa pabalat ng Ladlad 2 halos kita na ang maselang bahagi ng katawan ng lalaki. Upang gawing katanggap-tanggap, binago ng kaunti ang dibuho't nilagyan ng saplot ang lalaki. Bukod dito, pinakikinggan naman ng palimbagan ang mungkahi ng mga patnugot.

Mahalaga rin para sa palimbagan na gaya ng Anvil ang pagkakaroon ng pagkakaiba-iba sa mga anggulo ng bawat likha. Halimbawa na rito ang tema ng laman ng mga kuwento sa Ladlad 1 kung ikukumpara sa Ladlad 2. Ayon kay Remoto, "Sa Ladlad 2, 'yan yong hindi masyadong kumita. Sabi ng Anvil sa Ladlad 1 raw kasi maraming sex, kaya sa Ladlad 2 baka pwedeng pagkakaibigan, pamilya, at saka relihiyon. Kaya ang Ladlad 2 higit na maamo kaysa Ladlad 1."

Nasa kamay na ngayon ng mga patnugot ang pagsala sa mga kathang kanilang nalikom mula sa iba't ibang manunulat. Katulad ng lahat ng ibang anyo ng panitikan, mahalaga ang estilo at pagkagamay sa wika upang mailathala ang kuwento. Bagaman marami ang mga naisulat nang maganda, kailangang kilatisin at hanapin ang mga lubhang mahusay na akda upang de-kalidad ang maisama sa antolohiya. Mahalaga rin ang identidad ng manunulat. Gumagamit kami ng totoong pangalan. Siyempre likha ng imahinasyon ang kathambuhay, pero totoong pangalan 'yang [gamit], walang sagisag panulat (pseudonym)."

BANTA NG BALAKID

Sa pagkakaroon ng diskurso at talakayan, hindi maiiwasan, na sa pagiging malay sa usapin ng sekswalidad, nagiging malay rin ang lipunan sa pagiging homophobic o ang di pagtanggap sa mga homoseksuwal.

Sa introduksiyon ng Ladlad 2, sinabi ni Garcia na "Sa pamamagitan ng pagkatawan sa pagmamahalan ng parehong kasarian, nabibigyan ng Ladlad ng mabuting pagkakakilanlan ng sarili at ng paraan ng pagtakwil sa mga homoseksuwal."

Sa mga unang taon ng gay literature bilang isang kurso sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1994, pinagkaguluhan ito ng media dahil sa pagiging liberal at mapangahas nito. Hindi pa marahil handa ang bansa sa pag-usbong ng isang kursong naglalayong intindihin ang kultura at panitikan ng mga homoseksuwal, kung kaya'y naging malalim ang interes ng mga mamamahayag sa isyu. Ani Garcia, naging mahirap ang pagsasagawa ng klase dahil mayroong mga mamamahayag o taga-media na sumisilip sa kaniyang klase upang kilatisin ang kaniyang mga itinuturo. Hindi naglaon, unti-unting nawala ang interes ng media at napunta sa mas napapanahong balita, at naiwan sa payapa ang klase ni Garcia.

Sa kabila ng mga balakid at limitasyon na nabanggit, maituturing pa rin na isang rebolusyon ang pag-usbong ng panitikang ito.

Naghudyat ng isang pagbabago ang mga akdang nailathala sa Ladlad: nagsimula na ring umusbong ang usapin ukol sa politika at representasyon ng mga homoseksuwal sa lipunan. Nagkaroon ang mga mambabasa ng kamalayan sa sekswalidad at sa mga isyung umiinog dito dahil sa mga diskursong nabubuo mula sa pag-aaral ng akdang pampanitikang ito.

KAHALAGAHAN NG PANITIKANG HOMOSEKSUWAL

Sa isa sa mga sanaysay ni Garcia sa kaniyang antolohiyang Closet Queeries, nilinaw niya ang katangian ng gay literature, kung ikukumpara sa straight literature: "Ang akda ukol sa pagiging bakla ng mga bakla na alam na bakla sila, ganoon din ang alin mang akda na mababasa sa pamamaraang bakla, ay maituturing na gay literature." Tulad ng anomang panitikan, naglalayon pa rin itong bigyan ng boses, lalo na sa mga marhinalisado.

Maituturing na isang kasangkapan ngayon ang Ladlad para mailapit sa mga mambabasa, homoseksuwal man o hindi, sa mga karanasang hindi naman nalalayo doon sa dinaranas ng pangkaraniwang babae o lalake. Mga karanasang nagbabahagi ng mga kagayang pakiramdam: saya, hiya, takot at pag-ibig. Ani Garcia, "Gaya ng ipinakikita ng Ladlad, ang pagiging bakla ay hindi na lamang usapin ng kung ano ang hitsura ng tao, kundi pati na rin [ng mga ibang bagay tulad] ng kung ano ang nararamdaman at ginagawa niya."

PITADA NG PANITIKAN

Ang mga kuwentong naririnig natin—ang makulay na mundo ng mga homoseksuwal, kabilang na ang diskriminasyong inaabot nila dahil sa kanilang kultura ay bahagi lamang ng binubuo nilang identidad.


Lumang tugtugin na nga marahil na isa ang panitikan sa mga nagpapasimula ng rebolusyong makakapagpabago sa kasalukuyang sitwasyon. Ngunit sa lumang tugtuging ito, may kalakip na pag-asang hindi titigil sa pagyabong ang panitikang tulad nito.

"Ang literatura, hindi lang isa ang anggulo," ani Remoto. "Para siyang diyamante, na 'pag inikot mong ganyan iba-iba ang tabas, iba-iba ang ningning, iba-iba ang kinang, iba [ang] kulay na parang mumunting apoy."

**Isinalin ang mga sipi.*



Dr. Danton Remoto



ni Tricia Mallari
kuha ni Geeroh Ebrada ng ENTABLADO
lapat ni Robert Alfie Peña

Kapanahunan, Kabataan: Isang Pagsilip sa Dulang *Sampung mga Daliri*

Kabataan, umaasa ka ba? Pag-asa ka ba?

"NASA kabataan ang pag-asa ng bayan... pag-asa nga ba?"

Ito ang katanungang muli't muling itinanong ng Enterteynment para sa Tao, Bayan, Lansangan, at Diyos o Entablado sa kanilang pagtatanghal kamakailan ng dulang "Sampung mga Daliri." Mula sa panulat nina Rizalina Reyes at Nannette Matilac at sa direksiyon naman nina Jethro Tenorio at Lemelen Palad, dinala ng Sampung Mga Daliri ang bawat manonood sa paglalakbay sa higit pa sa limang siglo ng kasaysayan, kabataan, at kinabukasan.

Nasaan ang Kabataan?

Nagsimula ang dula sa isang pangkalahatang pagpapakilala sa kabataan—mapaglaro, mapusok, masaya. Paulit-ulit ang alingawngaw ng Sampung Mga Daliri at iba pang mga awiting pambata hatid ng sampung mga "daliri," o ang sampung mga tauhan ng dula. Ngunit sa bawat pag-ulit ng mga awiting pang-bulilit, ipinakikilala rin ang iba't ibang mukha ng kabataan sa iba't ibang mga panahon.

Katumbas ng halos kalahating milenyo ang unang pagbabalik-tanaw na naganap sa dula. Kasama ng sampung mga tauhan, nagbalik ang dula sa kalagayan ng mga kabataan noong panahon ng mga Kastila. Nariyan ang mga dalagang Filipina na mahinhin at mayumi, pati na ang mga binatang Filipino na noo'y ibinibida hindi lamang ang kagandahang lalaki at kayamanan. Sa halip, at ito pa ang higit na pinahahalagahan, ang pinag-aralan ng isang binatang nais makihalubilo sa lipunan ang unang tinitingnan.

Ngunit gaano man kalayo sa kasalukuyan ang panahong binalikan, mukhang hindi naman nagkakalayo ang mga katangian ng kabataan noon man o ngayon. Nariyan na ang labis na pagpapahalaga sa opinyon ng iba, pati na rin ang mas mataas na pagtinging karaniwan na nating ibinibigay sa mga bagay na dayuhan samantalang nananatiling mababa ang pagtingin sa sariling atin. Gaya na lamang ng isang tagpo sa dula kung saan bumibida at dinadakila ang isa sa mga kabataang Filipino, dahil siya'y ilustrado o nakapag-aral sa Europa, di gaya ng mga pangkaraniwang 'indio.'

Sa isang edad ng sabay na pagkamulat at pagkabulag naman maihahalintulad ang pagpapakilala ng dula sa panahon ng mga Amerikano. Matapos makahulagpos sa mapanikil at mapanggipit na alituntunin ng mga fraile't guwardiya sibil, tila nakalaya mula sa hawla ang kabataang Filipino. Tila baga higit sa alinmang sektor ng lipunan, ang kabataan ang higit na nakaranas sa ipinangakong demokrasya't kalayaan ng mga bagong mananakop mula Estados Unidos. Sa panahong ito namulat ang kabataang Filipino sa isang daigdig na higit na malaki kaysa sa kumpisalan o silid-aralan—natuto silang makihalubilo pawang sa mga kababayan pati na rin, at tila lalo pa nga, sa mga dayuhan. May pagbabago ng abot-tanaw at pananaw, na siya namang itinuring ng kabataan bilang mapagpalaya, at ayon nga sa mga Amerikano, mapagpala.

Ngunit kung sisipatin mula sa kabilang banda, masisilayan na hindi lahat ng pagbabago ay maganda. Kasabay ng pagkamulat sa kultura ng iba ang paglimot naman ng kabataan sa kulturang kinalakhan nila. Unti-unting nawala ang mga pagpapahalaga pati na rin ang mga noo'y pinaniniwalaan at pinaglalaban. Nadala ang kabataang Filipino sa mga bagay na stateside, sa pamumuhay na gaya ng sa mga Amerikano—mabilis, magaan, at walang iniintinding kahit na ano.

At kung hindi pa sapat ang kusa nating panggagaya, tahasan pang itinanim ng mga dayuhan ang kanilang kaisipan sa kabataan. Ang edukasyon, binuksan man sa publiko ay nanatiling malayo 'pagkat puro mga bagay na stateside ang itinuturo. Kahit walang niyebeng

bumabagsak ay inaabangan natin ang winter, naisaulo ang kabisera ng bawat estado na para bang pagkatapos nito ay puputi ang kutis, tatangos ang ilong, at ganap nang magiging Amerikano.

Sa paghahalo-halo ng kultura't mga paniniwala, nawalan ng identidad ang kabataan. At sa gitna ng kawalan, naghanap ang kabataan ng makakapitan.

Dekada '60, kasabay ng muling pagbuo ng isang bansang nasira ng pandaigdigang giyera ang pagbuo rin ng bagong mukha ng kabataan. Sa gitna ng kilusang hippie, naghanap ang kabataang Filipino ng bago nitong idolo, mga diyos na nagkatawang-tao sa persona ng Fab Four, ang bandang Beatles.

Isang pandaigdigang penomeno ngang itinuturing ang katanyagan ng Beatles noong dekada '60. At gaya nga ng ipinakita sa dula, nasakop din ng penomeno ang Filipinas, lalo na ang kabataang Filipino na kulang na lang ay sambahin ang mga binatang mula sa Inglatera. Kung kaya, tila pagbaba ng diyos sa lupa ang kanilang pagdating noon sa Maynila.

Ngunit tila mas masarap ang mangarap kaysa sa makita ang katotohanan nang harapan. Napagtanto ng kabataan na ang kanilang mga idolo ay mga dayuhang hindi nila mauunawaan at hindi sila mauunawaan nang tuluyan dahil iba ang paniniwala, pagpapahalaga, at napakarami pang iba. Kung kaya sila'y naghanap ng iidolohing mas malapit—iyong kapuwa Filipino, hindi tisay o mayaman kundi isang pangkaraniwan kagaya ng karamihan.

Kung kaya kinilala ng kabataan ang panibago nilang diyos: ang tambalan nina Nora Aunor at Tirso Cruz III o mas kilala sa tawag na Guy at Pip. Tila ba isang pagsasabuhay ng kuwentong Cinderella, ang pangkaraniwang dalagang si Nora ay kinahumalingan ng tisoy at guwapong si Tirso, pati na rin ng buong bayan, lalo na ng kabataan. Totoo nga't naging mas malapit ang mga bagong idolo, ngunit ang lahat ay nanatili bilang isang palabas; hindi totoo.

Nagpapatuloy ang paglalakbay at ang sampung mga tauhan ng dula ang nagsilbing mga gabay. Humantong ang eksena sa isang palihim na pagtitipon ng mga kabataan, nagpupulong, nagpaplano, at punung-puno ng damdaming makabansa. Sandali pa'y mapagtatanto na ng manonood ang kasalukuyang tagpuan—ang kabataan sa kasagsagan ng pakikibaka noong dekada '70 at '80.

Matapos ang halos isang siglo mula nang lumabas ang mga ilustrado't propagandista, nagbabalik ang imahen ng kabataan na lumalaban sa mga pagmamalabis ng mga nasa kapangyarihan. Itinanghal ng dula ang pagsapit ng mga pagkilos na ito sa sukdulan sa pagpapakita ng isang eksena mula sa People Power sa EDSA noong 1986, kung saan napakaraming kabataan ang lumahok. Gaya ng naganap sa nakaraang rebolusyon, kabataan ang nagsilbing isa sa pinakamalalakas na pwersang nagdala ng kalayaan, dati mula sa mga dayuhan at ngayon naman ay mula sa diktadura ng dating Pangulong Marcos.

Ngunit pagkatapos ng pakikipaglaban, ano na nga ba ang naging mukha ng kabataan?

Ano ang kinahantungan?

Sa susunod na yugto ng dula ipinakikita ang isang henerasyon ng kabataan na malapit sa karamihan sa atin—ang dekada '90. Malayo sa kadiliman ng nakaraang mga dekada, ang dekada '90 ay larawan ng pag-usbong lalo na sa ekonomiya't teknolohiya. Higit na naging komportable ang buhay.

Ngunit kasabay ng pag-angat ang paglimot sa nakaraan at sa kawalan ng pakialam sa kasalukuyan. Nalulong ang kabataan sa mga nakasisilaw na sarap ng magaan na buhay—nang walang mananakop o diktador—at tila tuluyan nang nabulag sa mga nangyayari sa labas ng apat na dingding ng paaralan o tahanang kaniyang ginagalawan.

Kabataan, saan na papunta?

Nagtapos ang dula sa isang mapangahas na hula para sa hinaharap. Sa huling pagkakataon isinabay nila ang mga manonood sa kanilang paglalakbay, ngunit sa pagkakataong ito ay kawalang-katiyakan ang kanilang sinuong. At bagaman maraming maaaring asahan, tila isang madilim na hinaharap ang daratnan ng susunod na henerasyon ng kabataan.

Kabataang may dalawang mukha—isang virtual, isang totoo—ang ipinakilala ng dula. Isang henerasyong patuloy na naguguluhan sa pagpili ng kaniyang pagkakakilanlan sa dalawang daigdig na kaniyang ginagalawan. Higit sa kabulagan ng dekada '90, ang patuloy na pag-angat ng teknolohiya ay tila naging isa nang pagpatay sa pagkilos ng kabataan na nakilala natin mula pa sa panahon ng mga pananakop hanggang sa edad ng pakikibaka. Ang pamamayani ng makabagong media, sa halip na magpalawak ng kanilang mundo, ay tila lalo pang nagpaliit dito. Nabago ang kahulugan ng rebolusyon—naging pagpindot na lamang ito ng ilang buton, pagpaskil ng mga larawan at video, paglimbag ng mga blog at pagpapalit ng status. Bagaman ang mga usapin ay nasa totoong mundo, virtual naman ang nagiging pagtugon ng makabagong kabataan dito.

Kasabay ng kawalang katiyakan ang higit na marami pang katanungan. Nasaan na ba tayo, at saan tayo patungo? Ang kabataan, na pag-asa ng bayan—pag-asa nga ba?

Pag-asa nga ba?

Ang kabataan ang pag-asa ng bayan, 'ika nga ni Dr. Jose Rizal noon pa. Ngunit ang kaniyang dati nang deklarasyon, sa paglipas ng panahon, ay patuloy na nagiging obheto ng mga puna't pagkuwestyon. Ang kabataan nga naman ay produkto lamang ng nakatatandang henerasyong nagpalaki dito, kung kaya, marapat na itanong, anong uri ng pag-asa ang magmumula sa ating henerasyon? Anong klaseng lipunan ang binubuo natin ngayon para sa mga kabataan ng hinaharap? Maaaring sila nga ang pag-asa ng bayan, ngunit hindi ba't ang susunod na henerasyon ng kabataan sa atin din ay may inaasahan?

Tayo ang huhubog sa kabataan ng susunod na panahon. Nasa atin ang tungkulin ng pagbuo ng lipunang kanilang gagalawan sa hinaharap. Dahil dito, marapat na itanong—ano ang ating pinapahalagahan? Namumulat ba tayo o nabubulag? Sino ang ating idolo? May ginagawa pa ba tayo? Nasaan na tayo ngayon, at saan tayo patungo?

At sa huli, ating muling itatanong—tayo ang kabataan ng kasalukuyan, ang pag-asa ng bayan—pag-asa nga ba? At kung maaari ka ngang asahan, kabataan, hanggang kailan?



Tala ng patnugot: Ang seksiyong ito ay isang natatanging bahaging nakalaan para sa kontribusyon ng mga mag-aaral, guro, akademiko, at mga kawani ng Ateneo. Inaanyayahan ng Matanglawin ang sinuman na magpasa. Maaaring ipadala ang kontribusyon sa Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201-202), o i-email sa matanglawin.ateneo@gmail.com

Sa Politika ng Pamamahayag
ilang tala

ni Hansley Juliano
lapat ni Benjhoe Empedrado

HINDI madaling sabihin na "patay na ang pamamahayag" kahit nasa panahon na tayo ng Web 2.0 (sa kasalukuyan, may mga pagtatalo na rin kung dapat na nga bang ituring ang nagbabagong dinamika ng Internet bilang Web 3.0). Kung tutuusin, matagal-tagal na ring ipinagmamalaki ang potensiya ng Internet at mga social networking sites bilang tipunan at palihan ng impormasyon, idea at pananaw tungkol sa sari-saring mga bagay. Kaya hindi rin kataka-taka na sa kasalukuyan, mas may higit na pagsusulong ng pamamahayag at pananaw para sa panlipunang kamalayan ang iba-ibang mga kilusan, tipunan at samahan na mayroong iba-ibang layuning politikal, maging ito man ay para sa panlipunang pagbabago o sa pagpapanatili ng mga kasalukuyang ugnayan.

Maaaring itanong kung nagbabago ba ang mensaheng ipinapahayag sa Internet kaysa sa nababasa sa nilimbag. Sa kaso ng pamamahayag, maaaring maghinalang wala naman. Kadalasan, reproduksiyon lang din ng mga artikulo sa papel ang nilalaman ng mga website ng mga malalaking pahayagan sa bansa (tulad ng Philippine Daily Inquirer, Philippine Star at Manila Bulletin). Ngunit sa kasalukuyan, nagiging laganap din ang pagsusulat ng mga mamamahayag o mga opinyonado (thinking heads) sa mismong mga website na ito, na nagsusulong ng iba-ibang pananaw ukol sa iba-ibang mga isyu na kanilang pinipili. Maski ang mga datihang manunulat sa imprenta o mga dati'y nagsusulat lamang ng mga libro ay pinipili na ring lumikha ng kanilang mga sariling blog upang, sa kanilang palagay, mas maabot nila ang mga mambabasa. May di-kawasang pagnanasa rin ang karaniwang manunulat na siya'y makilala ng mas marami, sa mas mabilis na paraan at sa mga espasyong mas mabibigyan siya ng higit na panahon, pagkilala, at pagtitiwala ng kaniyang mambabasa; yaong tinatawag ng ilan na glory of the byline.

Isa nang halimbawa ang mismong pagsusulat ko ng mga talatang ito bilang tanda ng aking haka na ang mambabasa ay mayroong panahon at pagtitiwala (kung hindi man sa akin, sa pahayagang naglathala ng mga talatang ito) na ang kaniyang binabasa ay totoo, at hindi naman ilalathala ang isang bagay kung hindi naman mapatutunayang may katotohanan (o anumang bahid nito). At sa aking palagay, narito ang potensiya at ang panganib ng pagsusulat: na ang isang bagay na nailathalang minsan ay maaaring maipasa sa iba pa, sa pag-asang kakalat at diringgin ang mga naisulat na paniniwala't pananaw. Kaya rin naman may di-pangkaraniwang pagmamalaki at palagay sa kanilang sarili ang mga manunulat at mga mamamahayag: na sila ang bantay sa kaalaman na nararapat mabatid ng mamamayan (o ng kanilang ipinalalagay na mga mambabasa). Kaya naman hindi rin bibiruing bagay ang patuloy na pagtawag at pagtatanggol sa karapatan ng mga mamamahayag na ihayag ang kanilang ipinalalagay na dapat mabatid natin. Maaaring tandaan, halimbawa, kung papaanong minsang tinuran ni Marites Dañguilan-Vitug sa aklat na Shadow of Doubt na kailangang maunawaan ng mga hukom ng Kataas-taasang Hukuman (na tila nainsulto sa kaniyang paghahayag sa kanilang mga gawain at di-pagkakasundo) ang tungkulin ng mamamahayag na isalaysay kung "ano ang totoong nagaganap."

Ngunit kaakibat nito, naroon din ang tanong at hamon na, sa aking palagay, hindi binibigyang-pansin o tandisan ding kinakalimutan ng ilang mga mamamahayag at tagapagdulot ng opinyon sa kasalukuyan. Madalas nating marinig kung papaanong sinasabi ng mga mamamahayag na sila'y "walang kinikilingan," na ang kanilang ipinahahayag ay "ang katotohanan lamang." Hindi baga ang mismong pagpili ng kanilang ihahayag na mga balita ay isa nang tanda na anuman ang kanilang gagawin, hinugis na ang kanilang pagpili ng mga partikular na kiling o palagay? Hindi baga ang hindi pagpili na ihayag ang aklasan ng mga mamamahayag laban sa mismong estasyon ng telebisyon (at ang pagtanggal sa mamamahayag na gagawa nito) ay tanda na mayroon naman talagang ipinagtatanggol na interes? Hindi baga ang pagtalakay sa salaysay ng Hacienda Luisita ngunit hindi pagtalakay sa mismong mga kalabisan ng PLDT dahil ang pinuno ng huli ang may-ari ng estasyon ay tanda rin ng pagtalusira sa ipinalalagay na "pagka-walang kinikilingan?" Huwag tayong magkaila; ang pamamahayag ay politikal, at marahil isang kahungkagan ang ituring na maaari tayong kumalas sa politika kung nais nating magbalita. Maliban na lamang, marahil, kung ang nais lamang talaga ng pahayagan ay pagkunan siya ng trabaho o ianunsiyo kung sino ang mga namatay na.

May angking responsabilidad, diumano, ang mamamahayag na "maglingkod sa sambayanan" at "hugisin ang kanilang mga kaisipan." Higit ding matatanto ang pagkapolitikal ng pamamahayag sa mismong mga kolum ng opinyon. Hindi na iilan ang mga kolumnista (pero kung tutuusin, halos nagsisiksikan lang din sila sa isang diyaryong "mahilig magtanong") na nagpapahayag na ang kanilang mga opinyon ay nilikha at nagsisilbing tinig ng mamamayang kanilang ipinalalagay na kinakatawan nila. Marami na rin tayong nakitang kolumnistang napakasikhay magbato ng pagtuligsa o di kaya'y magtanggol, na hindi natin masisi ang ibang palagay kung sila ba'y pinapakain, binabayaran, o sadya lamang bang "nagpapakatuta." Maaaring sabihing hindi ito bago: mula nang unang maitatag ang mga partido politikal sa bansa sa ilalim ng pamahalaang kolonyal ng Amerika, paglalathala ng mga sariling diyaryo ang unang paraan nila ng pangungumbinsi sa mambabasa na sundan sila at iboto. Kahit ibinebenta ito, binibili pa rin ng mambabasa sapagkat sila ay tapat sa pagpapakilalang mayroon silang kinikilingang pananaw (mapa-Nacionalista o Democrata). Dito pa lamang, madaling makita na ang pagpapalaganap ng opinyon sa pamamagitan ng imprenta ay hindi "serbisyo" kundi isang paraan para makakuha ng mga kapanalig. Isang praxis ng kapangyarihan (samakatwid, politikal) ang pagsasapubliko ng opinyon, at ang mga unang-unang magpa-

kilala na sila ay "obhetibo" at "kumakatawan sa lahat" sa kanilang opinyon ang mga higit na nararapat paghinalaan sa lahat. Maaaring sabihing ako'y mapanghusga, ngunit nasa kasalukuyang sistema ng pagbabalita marahil ang pangunahing pagtalusira sa mismong lohika ng pakikipagtalastasan: ang pagsasalubong at pagbubuno ng mga pananaw. Hindi maikakaila ng kahit anong estasyong radyo/telebisyon o pahayagan na sa mismong pagpapakilala na sila ang humuhugis ng opinyon ng madla, kanila nang isinasantabi at binubusalan ang mga magsasabi nang taliwas sa kanila.

Sa pagsusuri ni Benedict Anderson sa aklat na Imagined Communities, tagumpay ang papel ng pahayagan sa mga bansang Europeo na maging aparato-ideolohikal (sa madalingsabi, tagahugis ng pananaw at pagtanaw). Sa pagpili ng mga ibabalita at sa mga lugar na pinagkukunan ng balita, nabubuo sa kaisipan ng mambabasa na bahagi nga siya ng isang partikular na komunidad ng mambabasa at mamamayan. Naitatakda ang mga hangganan ng bayan, at napagtitibay sa gayon ang imahen ng isang bansa sa haraya. Kung hihiramin ang pamagat ng isang antolohiya ng mga indie film, ImaheNasyon. Dala nito, hindi na rin siguro kataka-taka na sangkot halos lahat ng mga pambansang pahayagan, mapa-broadsheet man o mapa-tabloid, sa pagtuturo sa mambabasa na ang kaniyang kinabibilangang lipunan ng mga tao (sa kasong ito, ang bansang-estado o nation-state) ay dapat panatilihin at pagtibayin.

Ngunit sa katotohanan, totoo nga bang napalalaganap nila ang isang "pagkakaisa?" Hindi ba namamalas sa mismong paggigiit ng mga "pambansang maiinit na usapin" ang parikala na hindi na nila tinitingnan ang mga isyu sa mga papalago't liblib na lalawigan ng itinuturing nating bansa? Lumabas ba kahit kailan sa pahayagan o telebisyon ang buong salaysay ng mga kalabisan ng naghaharing angkan sa Aurora? Mangyayari kayang mapatay ang samu't saring mga mamamahayag at mga mamamayang tumindig sa kalabisan ng kanilang mga punong-bayan kung nailabas agad sa buong bansa ang mga girian at paghihirap ng maraming mga probinsiya? Hindi ba kaya lang natin ginugunita ang pamamaslang sa Maguindanao noong Nobyembre 23, 2009 ay dahil nabalita "ang buong pagkakarumaldumal nito" sa telebisyon? Bakit naging estadistika na lamang ang turing natin sa mga naunang nabiktima, at sa mga nagiging biktima pa?

O hindi nga ba sa kabila ng ating pagdakila sa "kabansaan" at "progreso" (na siyang tinutuntungan ng matiwasay na ugnayan ng pamahalaan, mass media at civil society mula noon at maski ngayon sa repormistang administrasyon ni Benigno Aquino III), lalo lamang nitong kinahon ang ating pagtanaw sa kung ano ang ating tungkulin at karapatan bilang mamamayan? Bunga nito, tayo nga ay maging malay sa kung ano ang nangyayari sa ating kapaligiran, ngunit nagkakaroon na tayo ng "palagay" na puwede na nating iwan sa kanila ang responsabilidad na ito. Sasabihin ng katabi mo: "Hindi naman ako journalist." "Di naman ako parte ng NGO." "At bakit ko papahirapan pa ang sarili ko diyan?" At maski ang paanyaya ng civil society at mass media na makibahagi sa kanilang tungkulin (katulad ng "volunteerism" sa mga partikular na "NGO events" at "citizen journalism"), sa kabila ng pakilalang nagbibigay sila ng kapangyarihan sa mamamayan, ay kinokontrol pa rin ang mga kilos na ito sa hangganan ng kanilang "technical expertise" at "news viability." Minsan kong nakausap ang isang artistang "naglingkod" bilang hotline personnel para sa election coverage ng isang malaking estasyon ng telebisyon noong halalan ng taong 2010. Sinabi niya sa akin na ang daan-daang tala ng tawag ng mga reklamo ng iregularidad sa mga presinto ay nakatambak lamang ngayon sa isang storeroom. At palagay ko, nandoon pa rin ang mga ito hanggang ngayon.

Sa mga mumunting obserbasyong ito, makikita natin na ang kasalukuyang hugis ng pamamahayag ay classed o may marka ng isang partikular na uring sosyoekonomiko: panggitnang-uri at burgis. May kompiyansa akong sabihing hindi lang ito totoo sa Filipinas, kundi pati na sa halos lahat ng bansa na mayroong uri ng pahayagan at pakikipagtalastasan. Mula rito, hindi kataka-takang maski ang mga pahayagan ay hinati rin sa mga uri. Ang broadsheet ay Ingles at naglalaman ng "seryosong balita" para sa mga propesyonal at edukado, samantalang para sa mga tsuper at taong-palengke't eskinita ang tabloid na naglalaman ng mga istorya ng krimen, seksuwalidad at pagkakasiyahan. Bunga na rin marahil ng paniwala ng iba na dapat palaganapin ang impormasyon at opinyon sa higit na marami, naglipana na rin sa mga tabloid ang samu't saring mga kolumnista (partikular na ang mga politiko at pinuno ng civil society) na napakainit sa kanilang pag-angkin na "kinakatawan nila ang mamamayan." Gayon din naman, kinuha na rin ng mga broadsheet ang mga mapaglarong estetika ng tabloid (kagaya ng mga patalastas at paglalagay ng mga kakatwang balita) upang mapahigit din ang kanilang mga mambabasa, maging sa imprenta man o sa Internet. Kung titingnang minsan, tila ang kanilang balita ay "para sa lahat." Pero kung pagmamasdang mas mabuti, ang mismong karnabal ng impormasyon na ito ang nagbibigay ng haka sa akin na hindi talaga nito kilala kung sino ang kaniyang mambabasa. Sa diumano'y pagpapabaha ng impormasyon, hinuhugis ng kasalukuyang sistema ng pamamahayag ang pananaw natin na sa pagbabasa natin ng diyaryo ay "maging mulat talaga tayo," habang sa totoo'y umaasa na lamang tayo rito at hindi na sisikap umalam pa ng iba.

Marahil may matutunan sa minsang tinuran ng Amerikanong hukom na si Oliver Wendell Holmes Jr. sa kung bakit hindi na siya nagbasa ng diyaryo mula nang siya ay maging hukom. Aniya, ayaw niyang maimpluwensiyahan ng malikot na opinyon ng publiko ang kaniyang paghuhusga sa mga kaso. Sa kasalukuyang pagkakahugis ng pagbabalita, na itinuring nating panukat ng panlipunang kalagayan, hindi lamang nito hinuhugis kung ano ang ating dapat malaman sa nagaganap sa kapaligiran, kundi itinatakda na rin nito kung ano ang "tamang paraan" ng pakikisangkot sa lipunang ginagalawan. Pinaniniwala nito tayo na ang ating mga pamayanan (at ang daigdig) ay nagbabago araw-araw dala ng pagbabago-bago ng balita, ngunit isang tingin lang sa mismong takbo ng mga balita ang magsasabing wala naman talagang naiba sa buong tinakbo ng ating mga buhay. Baka nga sa halip na tayo'y maging mas malay at maging mas masigasig na makisangkot sa mga isyung harapang nakakaapekto sa ating mga buhay, ipinalalagay na lang nating "may naguusap na tungkol diyan, hindi ko na kailangan magsalita."

Baka ang mismong dinadakila nating tagapagpahayag ng "tinig ng mamamayan" ang mismo nang bumusal dito.

Sinasabi ko ba kung gayon na hindi na natin kailangan ang diyaryo o pahayagan dahil sa mga problemang ito? Na hindi na natin dapat pagkatiwalaan ang anumang uri ng pamamahayag? Na nasasayang lang ang pagsusumikap ng hindi mabilang na mga mamamahayag sa iba-ibang panig ng mundo na magdala ng balita na hindi naman na yata binabasa o pinag-iisipan talaga ng isang mundong lunod na sa impormasyon?

Hindi naman. Ngunit baka panahon nang simulan ulit nating magtanong sa kung ano ba talaga ang dapat nating malaman, at kung ano ba ang nararapat nating piliing malaman. Sa totoo lang, hindi ko pa rin nahahanap ang sagot sa mga suliraning inilarawan ko sa itaas. Pero ikaw na nagbabasa nito, baka mahanap mo, pagkatapos mo ibaba ang pahayagang hawak mo ngayon.

Si Hansley A. Juliano ay nagtapos ng batsilyer sa Agham Politikal sa Pamantasang Ateneo de Manila noong Marso 2011. Kasalukuyan siyang nagsusulat ng tesis sa kaniyang master sa parehong kurso. Nagsisilbi rin siya bilang Vice Chairperson ng Komite sa Usaping Pangmag-aaral Gradwado (Committee on Graduate Student Concerns) ng pamantasan.



Baraha

likhang-sining ni Carol Yu
titik ni Noel Clemente

Ang apat na alas
Lagi nang bida:
Tong-its, pusoy, poker, blackjack,
Basta't laro sa baraha.

Lamang agad ang hahawak
Isang bagay na lang sana:
Paganahin lang ang utak,
Di malabong panalo ka.

Ngunit kung dos ang natapat,
Alinmang estratehiya,
Ika'y hindi makapalag:
Kung malas ka, susuko ba?

Diskarte o suwerte, alin ba?

Ika'y hindi makapalag:
Kung malas ka, susuko ba?

Diskarte o suwerte, alin ba?

Ang Lawa ng Laguna

*Ka Seseng Almodovar**

Ang lawa ng Laguna, tunay na kalikasan.
Na kaloob ng Diyos, para sa mamamayan.
Mga mangingisda, dito nakikinabang.
Pamayanang nakapalibot, maging mga karatig-bayan.

Lawa ng Laguna, noon ay paraiso.
Nababalot ng hiwaga, tagpuan ng mga puso.
Mumunting alon, pilit na nagtatagpo
Sa dalampasigan, tila ba naglalaro.

Gaya ng mga isda, mga ibong lumilipad
Mga luntiang butil, at mga halamang dagat
Sa pusod ng lawa, iyong maaaninag
Mala-kristal na tubig, sa buwan daramag.

Ang mga alamat, dito ay matatagpuan
Kasaysayan ng lahi, mga bayani ng bayan
Mga talinong pinanday, lupaing pinagyaman
Na dinilig ng dugo, buhay ang pinuhunan.

Matatanaw mo rin, mga luntiang bundok
Mga ginintuang butil, at gulayan sa palibot
Walang agam-agam. Walang dapat ikatakot
Sa paglalayag sa pangingisda, maging dito sa laot.

Nang sumulpot ang teknolohiya, dumating ang pagsubok
Sa mayamang lawa, naglangoy ang mapang-imbot
Pilit na sinisisid, mga yamang inimpok
Kabuhayan ng mangingisda, na kaloob ng Diyos.

Ang mga pangitain, sa pag-inog ng mundo
Lawang pinagyaman, na munting paraiso
Mangingisdang naghihirap, nagtatanong, nagsisino,
Ang lawa ng Laguna, para saan, at kanino ba talaga ito?

**Isang mangingisda sa lawa ng Laguna si Ka Seseng. Kasalukuyan siyang pangulo ng Pinagkaisang Pamayanan ng Laguna (PINAG-PALA), isang federasyong binubuo ng 31 lokal na organisasyon ng mga mangingisda, kababaihan, at kabataan sa Biñan, Sta. Rosa, Calamba, at Los Baños.*

Holdap Ito

Brylle Madulara

Magnanakaw!
Magnanakaw.

Magnanakaw ang tawag nila sa akin.
Ni hindi nila inalam kung ilan ang aking pinapakain.

Malibog!
Walang disiplina sa pag-aanak!

Malibog at walang disiplina sa pag-aanak ang tawag nila sa akin.
Eh, bakit yung Senador na walumpu ang supling ‘di naihahalintulad sa akin?

Tamad!
Ayaw magtrabaho!

Tama nga kaya?
Hindi ako nakapag-aral ‘di dahil sa ayaw sikapin,
Uunahin pa ba ‘yon kaysa sa pagkaing ihahain?

At paano ako makahahanap ng disenteng trabaho,
Kung mailap ito pati sa mga bagong katatapos at edukado?

Mga salot!
Salot na pabigat sa lipunan!

Salot Ako sabi Niyo?
Halika rito,
Subukan mong silipin ang aking dalahin
Nang makita mo ang bagaheng kay bigat sa akin.

Akala Niyo siguro na kagustuhan kong maging mahirap sa Pilipinas.
Dito kung saan ang biktima’y nagmumukhang Hudas.
Papaano nga Niyo mauunawaan, kung buhay ay sagana
Nagmimistula na ngang kasabwat Ka sa sistema.

Kaya pasensiya kung tinututukan kita ng balisong sa beywang,
Hindi ko naman talaga kagustuhan, may sakit ngayon si Inang.

Kaya habang wala pang pulis, anak, tatanungin kita ulit:

Holdap ‘to.
Selepono o buhay?

Ang tanong naman ng lipunan sa akin ay:

Holdap ‘to.
Mamatay nang dilat o Maghirap nang nakapikit?

Kaya kung Ako Ikaw,
selepono na ang pipiliin

Kung ikaw naman ang nasa lugar Ko,
Anong pipiliin Mo?

Ako si Mercado (O Pagsang-ayon sa Tinuran ng Dalawang Henyo)

Xavier Alvaran

Huwag kang mag-alala
Sapagkat ligtas ang mamuhay rito

Hindi mo kailangan ang manghingi
Dahil alam mo
Kung ano ang akin, kaniya at iyo

Ni hindi opsyon
Ang pag-aalinlangan
Dahil hawak mo ang karunungan —
Ang walang hanggang kapangyarihan

Masdan mo ang mga gusali
At ang mga mukhang gusali
Ililigtas ka nila sa kapahamakan
Sa bala ng krimen,
Sa nawalang-ulirat na kaibigan

Hindi mo kailangang mangamba
Sapagkat gawa na ang musika
Ang kailangan mo na lamang ay makinig
At sundan ang mga nota

Hindi mo kailangang pumili
Dahil pinagpilian ko na
Ang buhay na masaya
At buhay ng mga nagpabaya

Walang puwang ang misteryo
Dahil batid mo —
Ikaw, oo, ikaw!

Ikaw ang may hawak ng susi sa pag-unlad
Ngunit nasa akin ang landas
Sa akin ang batas







Woo! Party nanaman! Overflowing drinks!

'Tenista Nga!









matanglawin.org

